

# ANG TINIG NG TANDA



Salamat. Nawa'y manatili tayong nakatayo pansumandali, habang binabasa natin ang Salita, tumungo na agad sa Salita sa gabing ito, para hindi tayo gumugol ng mahabang oras. Nais kong makipagbukas kayo sa akin, sa gabing ito, sa Aklat ng Exodo, at umpisa sa ika-4 na kabanata ng Aklat ng Exodo.

*At si Moises ay sumagot at nagsabi, Datapuwa't, narito, hindi nila paniniwalaan ako, ni didinggin ang aking tinig sapagka't kanilang sasabihin, Ang PANGINOON ay hindi napakita sa iyo.*

*At ang sabi sa kaniya ng PANGINOON, Ano iyang nasa iyong kamay? At kaniyang sinabi, Isang tungkod.*

*At kaniyang sinabi, Ihagis mo sa lupa. At kaniyang inihagis sa lupa, at naging isang ahas; at si Moises ay tumakas sa harap ng ahas.*

*At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay, at sunggaban mo sa buntot. At kaniyang iniunat ang kaniyang kamay, at kaniyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kaniyang kamay:*

*Upang sila'y maniwala, na ang PANGINOONG Dios ng kanilang mga magulang, ang Dios ni Abraham, . . . Dios ni Isaac, . . . ang Dios ni Jacob, ay napakita sa iyo.*

*At sinabi pa sa kaniya ng PANGINOON, Ipasok mo ang iyong kamay, sa iyong sinapupunan. At kaniyang ipinasok ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan: at nang kaniyang ilabas, ay narito, ang kaniyang kamay ay may ketong, na maputing parang niebe.*

*At kaniyang sinabi, Ipasok mo uli ang iyong kamay sa iyong sinapupunan. At kaniyang ipinasok uli ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan: at nang kaniyang ilabas sa kaniyang sinapupunan, at, ay narito, ito . . . nagsauling gaya ng kaniyang dating laman.*

*At mangyayari, na kung sila'y hindi maniniwala sa iyo, ni makikinig sa tinig ng unang tanda, ay kanilang paniniwalaan ang tinig ng ikalawang tanda.*

<sup>2</sup> Iyuko natin ang ating mga ulo. At samantalang nakayukod ang ating mga ulo, at ang ating mga puso, na rin, mayroon kayang naririto sa gabing ito na may mga kahilingang ipanalangin? Maaari bang ipaalam ninyo ito habang itinataas ninyo ang inyong mga kamay. Ipagkaloob ng Dios ang inyong mga kahilingan.

<sup>3</sup> Aming Makalangit na Ama, ipinalagay namin na isa itong natatanging pribilehiyo, na dumulog sa Iyo sa panalangin,

dumudulog sa Pangalan ng Panginoong Jesus. At Kaniyang pinangakuan, na kung hihiling kami ng anuman sa Kaniyang Pangalan, ito'y ipagkakaloob. Ikaw ang nakakaalam ng pangangailangan ng bawa't isa sa amin. Nalalaman Mo kung ano ang pahiwatig ng aming mga kamay sa pagtaas ng mga ito. Aking idinadalangin, Ama, na Iyong tutugunin ang bawa't kahilingan sa gabing ito. Angkinin ang Luwalhati.

<sup>4</sup> At ngayon hayaan ang dakilang Guro ng Salita, ang Espiritu Santo, sumasa amin, sa gabing ito, at ihayag ang Kaniyang sarili sa amin, at-at ipakilala ang Kaniyang sarili sa amin, sa pamamagitan ng-ng katibayan ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli. Dumating nawa Siya sa aming kalagitnaan, sa gabing ito, Panginoon, at-at dalawin ang aming mga puso. Mangusap sa amin sa mga bagay na Kaniyang ipinangako para sa araw na ito. Nawa'y ang mga Salitang ipinangako para sa oras na ito ay mahayag sa aming harapan, upang makatiyak kami, sa napakagulong panahong ito na Iyong sinabing darating sa lupa, upang subukin ang lahat ng tao. At tiyak na dumating na ang panahong yaon, Ama, kung kailan sinusubok ang mga tao. At may napakaraming iba't ibang angulo, hanggang sa wala nang halos makaalam kung ano ang gagawin. Nguni't, Panginoon, dalangin ko na ipahahayag Mo sa amin, sa gabing ito, na Ika'y naririto at kasama namin, Ito'y naririto upang tulungan kami. Ipagkaloob ang aming mga kahilingan, sapagka't hinihiling namin ito sa Pangalan Ni Jesus. Amen.

Makakaupo na.

<sup>5</sup> Ako'y medyo nahuhuli-huli lang ng kaunti sa bawa't gabi. At naiisip ko parati ang mikroponong *ito*, nguni't ito'y ang nakakabit sa mga recorder. Nguni't itong *narito*, palagay *ko*, ay ang siyang dapat kong pakinggan, o mapagsalitaan.

<sup>6</sup> Bukas ng gabi ay gabi ng bangkete, kaya huwag itong kalimutan. Sa palagay ko ito'y . . . sa palagay ko ito'y naipaalam na, sa kung saan pupunta ang mga tao.

<sup>7</sup> Aming lubos na pinahahalagahan ang inyong pakikipagtulungan sa mga dakilang bagay na ginawa ng ating Panginoon.

<sup>8</sup> Ngayon, sa gabing ito, aking iniisip na, libang ating malaman ang Salita ng Dios, hindi natin alam kung anong gagawin. Tayo'y hindi magkakaroon ng pananampalataya hanggang sa malaman natin kung ano ang kalooban ng Dios. At, ano, pagkatapos kung malaman nating ito ang kalooban ng Dios, ang Salita ng Dios ay mangungusap ng isang bagay, kung gayon may kagalakan tayong sundin iyon.

<sup>9</sup> Ngayon kung lumilibot ang Panginoong Jesus, mismo, sa lupa sa gabing ito, sa katawang tao, at Kaniyang sinabi, "Bukas ay magiging maulan, buong araw," ngayon napakadali nito para sa akin na magdala ng payong sa pag-alis ko sa umaga, sapagka't

sinabi Niya ito. Ngayon, kung hindi Niya sinabi ito, hindi ko alam sa gayon kung ano ang aasahan. Kaya ganiyan ito, sa anumang ating ginagawa, nais nating malaman ang oras, ang panahong ating pinamumuhayan.

<sup>10</sup> At sa mga baguhan, sa sanglinggong ito sinikap natin ipakita ang Dios, mula sa pasimula, ay nalaman ang wakas. Iyan ang nagpapaging walang-hanggan sa Kanya. Kung Siya’y hindi walang-hanggan, walang-hanggan, Siya’y hindi Dios. At kailangan Niyang maging makapangyarihan sa lahat, nasa lahat ng dako, nakaaalam ng lahat ng bagay, at makapangyarihan sa lahat, upang maging Dios. Iya’y ang lahat ng kapangyarihan, nakaaalam ng lahat ng bagay, nasa lahat ng dako, at-at-at nakaaalam ng wakas mula sa pasimula. Kung hindi Siya ganoon, kung gayon Siya’y hindi Dios.

<sup>11</sup> Kaya walang anumang bagay na talagang nawawala sa kaayusan. Tayo iyon. Nguni’t wala sa Salita ng Dios; ito’y tumitiktak tulad lamang ng isang orasan. At kapag dumating na ang oras na iyon para ito maganap, ang Salitang nakalaan para sa kapanahunang iyon, nangyayari ito. Maaring mag-isip tayo na ito’y . . . ay hindi magaganap. Minsan nangyayari ito at hindi natin ito nalalaman. Sinabi ni Jesus, sa isang pagkakataon . . .

<sup>12</sup> Sinabi nila sa Kaniya, “Bakit ang-ang . . .lahat ng mga eskriba ay nagsabi na ‘Darating muna si Elias?’” Kita n’yo, ngayon, pinaniwalaan nila iyan. Naniwala sila na si Elias ay darating.

<sup>13</sup> At tumingin si Jesus sa kanila, at nagsabi, “Dumating na si Elias, at hindi ninyo siya nakilala.” Kita n’yo? Ngayon, kita n’yo, dumaan iyon mismo sa harapan nilang mga eskriba, mga ministro, mga alagad. At si Juan Bautista iyon, at dumating siya sa bawa’t paraang pinaniniwalaan na darating ang Elias, gayunpaman hindi nila siya nakilala.

<sup>14</sup> At ngayon kinakailangang ito’y makikilala natin ang oras na ating pinamumuhayan, at ang panahong ating pinamumuhayan. Sa pamamagitan niyan, nais kong mangusap sa gabling ito tungkol sa: *Ang Tinig Ng Tanda*.

<sup>15</sup> Isang kakaibang teksto, gayunpaman gumagawa ang Dios ng kakaibang mga bagay sa di-pangkaraniwang mga pamamaraan. Iyan ang nagpapaging Dios sa Kanya, sapagka’t Siya’y-Siya’y supernatural. At lahat ng Kaniyang ginagawa, Kanyang-Kanyang ginagawa ito, Kanyang magagawa ito sa supernatural, sapagka’t Siya ay supernatural.

<sup>16</sup> Ngayon, *Ang Tinig Ng Tanda*. At isa itong . . . May isang tinig sa tanda. May isang tinig sa dugo. Nangusap ang dugo mula sa lupa, at-at iba pa, “Ang matuwid na dugo ni Abel ay nangusap laban kay Cain.” At sinabi ng Biblia, “Ang dugo *ni* Jesus Cristo ay nangungusap ng mas dakilang mga bagay kaysa dugo ni Abel.”

17 Ngayon ang ating tagpo sa gabing ito, o ang ating eksena, ay nagbubukas sa Exodo. At ang panahon ng Exodo ay ang panahon ng pagtawag-palabas, at ang exodo ay nalalapit na.

18 Si Moises, ang lingkod ng Panginoon, ay tinawag sa isang-isang gawain panunungkulan. At gumagawa kung ano ang sa kaniyang kaisipan, siya ay mataas ang pinag-aralan sa Egipto, natutunan ang-ang lahat ng karunungan ng mga taga Egipto, at tila bagang mayroon siyang isang-isang paraan, na sa pagiging isang bantog na sundalong henyo, na kaya niyang iligtas ang kaniyang bayan mula sa ilalim ng pagkaaliping yaon, sapagka't siya ang susunod na Paraon. At gaano sana iyon noon kadali para sa kaniya na gawin iyon. Subali't, kita n'yo, kung ganoon nga ang nangyari, kung gayon magiging isa itong pangkaraniwang bagay.

19 Ang Dios ay hindi gumagamit ng natural na mga bagay. Siya ay gumagamit ng supernatural na mga bagay upang patotohanan ang Kaniyang sarili.

20 Kaya mula sa apatnapung taon ng pag-aaral, sa pinakamataas na maaari niyang maabot, at ang pinakamahasay na maaari niyang makamit, sa pagiging pinakamahasay na mag-aaral niya; na may pagkakaunawa mula sa kaniyang ina, ang kaniyang sariling tagapagturo, na siya yaong magliligtas sa bayan; at humayo siya sa kapangyarihan ng kaniyang pang-unawa, at pinatay ang isang Egipcio. At, mula roon, nasumpungang nabigo ang kaniyang mga pagsisikap, at pagkatapos ay tumakas sa ilang.

21 At kung ano ang Egipto, sa pinag-aralan, na inilagay sa kaniya sa apatnapung taon, kinailangan ng Dios ang isa pang apatnapung taon para alisin iyon sa kaniya, kita n'yo, upang siya'y hindi magtiwala sa kaniyang tuntunin ng pinag-aralan. Magtiwala siya sa supernatural.

22 At ngayon nalalapit na ang panahon na ipinangako ng Dios, kay Abraham, apat na raang taon bago ang panahong yaon, na ang kanyang binhi ay makikipamayan sa ibang lupain, at sila ay ilalabas. Pagkaraan ng apatnapung taon, sila ay ilalabas sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay. Ililigtas niya ang kaniyang bayan sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay. At nang ang oras ng pangako ay malapit na, diyan kung kailan inilagay ng Dios si Moises sa tagpo. Si Moises, sa kaniyang ganap na kabiguan, ay pumaroon sa ilang.

23 Ngayon ang tipo rito, may isang kahanga-hangang tipo na siguradong ayaw nating makaligtaan. Kita n'yo? Itinipo, Ang Dios ay dinadala ang Israel, ang Kaniyang bayan, palabas, isang bansa, isang bansa mula sa isang bansa. Isang Bansa mula sa isang bansa, isang napakagandang tipo ng araw na ito, na ang Dios ay tinatawag ang Kaniyang Nobya mula sa isang iglesya,

Kristiyanong Nobya mula sa isang Kristiyanong iglesya, isang Nobyang Iglesya mula sa isang iglesya, na tinawag, sa Biblia, tinukoy.

<sup>24</sup> Ako’y may ilang mga tala at mga Kasulatang nakasulat dito, sa araling ito ngayong gabi.

<sup>25</sup> Ito’y tinatawag, kung minsan, “Ang Pinili, ang Hinirang, o ang Nalalabi na binhi ng babae.” Tinawag itong, “ang Nobya,” na ang Dios, sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman, itinalaga. Iyon ay, ang Nobya na lumabas sa iglesya. Kita n’yo, ang kabuuan ay isang iglesya, nguni’t naglalabas ang Dios ng mga tao mula sa iglesyang iyan, bilang isang Nobya. Sinabi Niyang gagawin Niya. At ginawa Niya ito, pansinin, o gagawin Niya ito.

<sup>26</sup> Pansinin, tingnan kung paano Niya ginawa ito, at ang paraan at kung paano Niya ginawa ito. Nais nating tingnan ito ngayon, habang inilalabas Niya ang Israel, kung paano Niya ginawa ito, at ang paraan na Kaniyang–Kaniyang ginawa ito.

<sup>27</sup> Pansinin nang ang panahon na ang ipinangakong Salita ay isasakatuparan na, tinawag ng Dios si Moises, sa pamamagitan ng pagtatalaga, at pinili siya para sa tungkuling iyon. Kita n’yo? Ang Dios ay palaging mayroon itinalaga na tao sa takdang oras, sa panahon. Walang nabibigo sa Dios. Sinabi Niya ito; ito’y hindi mabibigo. Kung mabigo ito, kung gayon ang Dios ay nabibigo, ‘pagkat ang Dios ay ang Salita.

<sup>28</sup> Pansinin, ngayon, ang Salita ay kailangang mahayag. At kapag ang Salita ay dapat nang mahayag, ng isang pangako, ang Dios ay palaging nagsusugo ng isang propeta upang ihayag ang pangakong yaon, sapagka’t ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa kaniya.

<sup>29</sup> Si Moises, itinalaga para sa layunin, ay tinawag para sa tungkulin. Wala ng iba pang makagagawa nito.

<sup>30</sup> Kapag ang Dios ay–ay tumawag ng isang tao para gampanan ang isang tungkulin, walang sinumang maaaring pumalit dito. Walang sinumang makapapalit sa iyo, sa iyong sariling katangian.

<sup>31</sup> Gaano kadalas kong naisip, kung gaano kong gustong gampanan ang tungkulin ni Oral Roberts, kung gaano ko gustong gampanan ang tungkulin ni Billy Graham, isang taong tulad niyan. Tulad ni Billy Graham, humayong magsalita sa isang lupon ng tagapakinig, manawagan sa mga makasalanan sa altar; kalimutan ito at uuwi, hindi na kailangang tumayo roon at makipagbakang muli. Hindi ako puwedeng maging si Billy Graham, nguni’t gayundin naman si Billy Graham ay hindi puwedeng maging ako. Kapuwa kami. . .Hindi ako puwedeng maging si Oral Roberts; si Oral Roberts ay hindi puwedeng maging ako.

<sup>32</sup> Kayo'y, bawa't isa, nakatakda sa pamamalakad ng Dios, sa kaniyang tungkulin lamang. Ang isa ay laging nag-aayuno at dumadalangin sa Dios, samantalang ang isa pa ay nagpapalayas naman ng mga demonyo dahil nag-aayuno ang isang ito. Nguni't ito'y ang buong katawan ni Cristo na gumagawang magkakalakip, ang pagkakaisa. Kapag nakikita nating ang mga maka-denominasyong hadlang na ito pinaghihiwalay tayo, iyan ang nagpapakirod ng aking puso, kita n'yo, sapagka't iyan ang bagay na naghihiwalay sa atin. Tayo ay iisa.

<sup>33</sup> Walang malalaking tao sa ating kalagitnaan, walang dakilang mga tao sa gitna natin. Magkakapareho tayong lahat. Tayo'y mga anak ng Dios. Iisa lamang ang dakila sa atin, at iya'y si Cristo. Kailangang kilalanin natin Siya. At kung naghahangad tayo ng karangalan, sa isa't-isa, tayo'y hindi magkakaroon ng pananampalataya, sapagka't tayo'y nagkakaroon ng pananampalataya sa isa't isa. Kailangang magkaroon tayo ng pananampalataya kay Cristo. Siya ang Isang iyon na nasa ating kalagitnaan na dapat nating sampalatayanan, at pagkatapos ay pagsampalataya sa kung ano ang Kaniyang ginagawa at ipinagkakaloob sa atin.

<sup>34</sup> Ngayon, walang sinumang maaaring humalili kay Moises. Kahit gaano pa ang kaniyang pagtakbo, at kahit gaano pa ang pagsisikap niyang lumayo rito, gayunman nalalaman ng Dios kung ano ang Kaniyang ginagawa. Alam Niya kung ano ang kailangan Niyang alisin at ihubog kay Moises. Itong mga bagay ay dapat mangyari. Ngayon, masdan, walang sinumang maaaring pumalit sa kaniyang lugar.

<sup>35</sup> Ngayon masdan. Binigyan siya ng Dios ng isang tanda, upang patunayan ang kaniyang pagkatawag at mga pag-aangkin, nang pumaroon siya sa Egipto.

<sup>36</sup> Ngayon, ang Dios ay palaging nagbibigay sa isang mensahero ng isang tanda, at ng isang tinig ng tandang iyon. At ang tandang iyon ay ipinakikilala ang tao, kung ito'y nakasulat sa Kasulatan.

<sup>37</sup> Tulad ng sinabi ni Juan, "Ako'y ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang."

Kanilang sinabi, "Ikaw ba ang Mesiyas?"

<sup>38</sup> Kaniyang sinabi, "Hindi ako ang Mesiyas. Nguni't ako ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, tulad ng sinabi ng propetang si Isaias." Kanyang maliwanag na maipapakilala ang kaniyang sarili.

<sup>39</sup> At ngayon, kung gayon, diyan, nalaman nating ang Dios, sa tuwina ay, hindi kailanman nagbabago ng Kaniyang pamamaraan sa paggawa ng anumang bagay. Hindi Siya maaring magbago. Ang Dios ay ginagawa ang lahat ng bagay sa gayunding paraan, kapag Kanyang-Kanyang isinasaayos ang pamamaraan Niya ng magkakasama.

40 Tulad ng sinasabi ko noong isang gabi, Kanyang ginawa ang isang kapasalahan, ang tao ay kailangang maligtas sa pamamagitan ng pagbuhos ng Dugo ng Isang walang-kasalahan. Sinubukan na natin ang lahat ng bagay, upang maligtas ang tao. Sinubukan nating dalhin siya sa isang dako kung saan nagtayo tayo ng isang lungsod, ginawa ni Nabucodonosor. At nagtayo sila ng isang Tore, ginawa ni Nimrod. Mayroon silang batas. At sila'y mayroong mga templo. Sila'y may mga simbahan. Sila'y may mga organisasyon. Sila'y may mga pamamaraang ukol sa pagtuturo, maka-denominasyong pamamaraan, nagsisikap na ilapit ang tao sa Dios. Ito, bawa't kaliit-liitan, ay nabigo. Ito ay palaging mabibigo. Iyon ay bumabalik doon sa nabuhos na Dugo!

41 Ang pamamaraan ng Dios ng paggawa ng anumang bagay ay ipinangusap sa Kaniyang Salita. At ang Salitang ito ay ang kabuuang kapahayagan ni Jesus Cristo, walang kahit anong idadagdag Dito o ibabawas mula Rito. "Sinoman ang gagawa nito," ang sabi ng Biblia, "Ang kaniyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay ng Cordero," kung magdadagdag man siya o mag-aalis ng anumang bagay mula Rito. Tanggapin lang Ito sa paraang Ito'y nasusulat.

42 Ang Biblia ay hindi nangangailangan nang sinuman para ipaliwanag ito, Ang Dios ang Kaniyang Sariling tagapagpaliwanag. Ipinaliliwanag Niya ito sa pagtupad kung ano ang sinasabi Niyang magaganap. Tapos na ito. Kung sinabi ito ng Dios, at ginawa Niya ito, Iyon lang. Hindi ito nangangailangan pa ng tagapagpaliwanag. Ang sabi ng Biblia, "Ito'y walang pansariling pagpapaliwanag."

43 Ang pamamaraan ng Dios ng paggawa nito! Laging tapat sa Kaniyang isinugong tanda, Siya ay sumunod sa pamamagitan ng Kaniyang tinig; bawa't, mula noon, na ang Dios ay nagsusugo ng isang tanda sa lupa. "Ngayon ang Dios ay walang kailanman gagawin na anuman," ang sabi ng Biblia, "hanggang sa ipakita muna Niya ito sa Kaniyang mga lingkod na mga propeta." Ngayon na, kayo. . . Kung iya'y mali, kung gayon ang iba pa nito'y mali rin, kita n'yo. Wala Siyang gagawing anumang bagay hanggang sa ipakita Niya ito.

44 At ang tagakitang iyon, propeta, ay kailangang ipakikilala, na anuman ang kaniyang inihuhula, nalaman natin sa mga Bilang 12:6, na kung ano ang kanyang sinasabi ay nangyayari. Kung gayon, sampalatayanan ito. Nguni't kung ito'y hindi mangyayari, kung gayon huwag paniwalaan ito. At kailangang maging ganoon iyon, Kaniyang. . . Kahit gaano pa ang kaniyang sinasabi, at nangyayari ito, at maging anuman; kung hindi ito sang-ayon sa Salita, kung gayon ito'y mali parin. Kailangang katugma ito ng Salita. Kailangang kaayon ito ng Salita para sa tanda ng panahong yaon, ang panahon na kanilang pinamumuhayan.

45 Ngayon, naipangako na ito ng Dios, na Kaniyang palayain ang Kaniyang bayan sa pamamagitan ng isang malakas na bisig. Ngayon, nang ang Salitang ito, Hindi Siya tumawag ng isang saserdote, hindi Siya tumawag ng isang rabbi, hindi Siya tumawag ng isang tagapangasiwa. Siya ay tumawag ng isang pastol, mula sa kabundukan, isang takas, isinilang, itinalagang propeta na hindi ginusto ang kaniyang tungkulin.

46 Kapag nakarinig kayo ng mga taong nagnanais maging *ganito*, *ganiyan*, o ang *iba pa*, ng isang bagay, masdan lang, ang Dios ay hindi gumagamit sa kanila. Kinailangang hanapin ng Dios si Moises, para makuha siya. Kinailangan Niyang hanapin si Pablo, para makuha siya. Siya . . . Ito’y tao na hindi nagnanais na gawin ito, ayaw nila ng mga bagay; Sa gayon ang Dios ay gagamitin ang taong iyon, na siyang ayaw gumawa, upang Kanyang maipakita ang Kaniyang kaluwalhatian sa pamamagitan nito.

47 Ngayon masdan. Bawa’t-bawa’t totoong ipinadalang-tanda ng Dios ay sinusundan ng isang Tinig. Ngayon napapansin ninyo rito, ang teksto ay ang . . . ang tanda at ang tinig. “Kung sila’y hindi maniniwala sa tinig ng unang tanda, kung gayon kanilang paniniwalaan ang Tinig ng pangalawang tanda.” Ngayon, ang tanda ay may isang tinig. At, ngayon, bawa’t totoong ipinadalang-tanda ng Dios ay may isang tinig, at ang tinig na iyan ay kailangang mangusap nang naaayon sa Salita na ipinagkaloob para sa araw na iyan, nang tamang-tama.

48 Kung ang tinig ay dumarating, ang dati ring lumang tinig ng dati ring lumang . . . Nakikita ninyo ang isang tanda, pala, at ang tandang ginagawa ng tao ay ang dati ring lumang paaralan ng kaisipan, kung gayon makapagsasabi kayo agad na, “Hindi galing iyan sa Dios,” kung lagi nitong ipinakilala ang dating lumang paaralan ng kaisipan. Hindi ito kailanman nangyari. Hindi pa nangyari. Magiging taliwas ito sa palatuntunan ng Dios.

49 Ito’y dapat na maging isang bagay na bago. Ito’y dapat maging isang bagay na hindi nauunawaan ng mga tao. Ito’y dapat ang . . . o hindi ito dapat ipadadala. Ito’y hindi na kailangang ipadala, kung ang dati ring lumang paaralan ng teolohiya. Ito’y dapat isang bagay na naiiba, gayunman ito’y kailangang makilala sa Salita, na para ito sa araw na iyon. Kita n’yo, ang mga kasiguruhan ng Salita ng Dios, kailangang maging ganiyan iyon. Walang pamali-mali rito. Kailangang ito’y ang Katotohanan; kailangang pinagtibay iyon ng Dios, ang Katotohanan. At kailangang pinagtibay ng Dios ang taong nagsasalita nito, upang maging isang propeta mula sa Dios, o ito’y mali; hindi man lang nila-hindi man lang nakikita ito, sa anumang paraan, hindi man lang pinaniniwalaan ito.



<sup>50</sup> Ang mga tanda ay-ay mula sa Dios. Ang tanda na sumusunod...O, ang tinig na sumusunod sa tanda ay dapat ang tinig ng Dios na nangungusap mula sa Salita, para sa kapanahunang iyon. Nauunawaan ba ninyo ito? [Nagsabi ang kongregasyon,"Amen."—Pat.]

<sup>51</sup> Nagbibigay ang Dios ng mga tanda. Para saan ba ang paggawa Niya nito? Palaging nagbibigay ng mga tanda! Sinabi Niya sa kanila na sa ganiyan nila Siya hahanapin, ang mga tanda. Nagbibigay ang Dios ng mga tanda para tawagin ang pansin ng kaniyang bayan. Ngayon pag-aralan natin ito, nang lubusan. Kita n'yo, ang mga tanda ay ibinibigay para tawagin ang pansin ng mga tao. Sapagka't, kapag ibinigay ang isang isinugong-tanda ng Dios, ang Dios ay handa na para mangusap. Ang Dios ay handa nang mangusap, kapag ibinigay na ang tanda. Kung nagmumula ito sa Langit, ito'y mula sa Dios, at ang Dios ay handa na upang mangusap at Kaniyang sinisikap na tawagin ang pansin ng mga tao.

<sup>52</sup> At ang Salita ay dumarating sa Kaniyang propeta. At ang propeta ay nakikilala sa pamamagitan ng tandang ipinakikita niya, at pagkatapos siya ay lumalapit sa Salita at ang Salita ay nahahayag. Iyan na ito; hindi na kailangan pa ng anumang pagpapaliwanag. Ang Dios ay ipinaliwang na ito. Kita n'yo, ito'y kasing ganap nang dapat mangyari.

<sup>53</sup> Ngayon pansinin, ang Dios ay nagbibigay ng mga tanda para tawagin ang pansin ng mga tao.

<sup>54</sup> Narito, ang nagniningas na palumpong ang tanda para tawagin ang pansin ng propeta; ang nagniningas na palumpong. Si Moises noon, sa likurang bahagi ng disyerto, nagpapastol ng kaniyang tupa, isang matandang pastol, walumpung taong gulang, may mahabang balbas; namamaybay, doon sa nakasanayang lumang daanan, isang maalinsangan na umaga, marahil. At pagkatapos, bigla na lamang, lumitaw ang isang palumpong na nagniningas, at ang palumpong na iyon ay hindi natutupok. Buweno, sadyang di-pangkaraniwan ang lahat nang iyan.

<sup>55</sup> Ngayon, si Moises bilang isang siyentipiko, na, tinuruan siya sa lahat ng karunungan ng mga Egipcio, at mas mahuhusay silang mga siyentipiko kaysa mayroon tayo ngayon; kaya sa pagiging isang siyentipiko, sa wari siya'y nagsabi, "Ngayon aking titingnan kung anong uri ng ma-...ng kemikal ang iwiniisik sa mga dahong iyon, na hindi nasusunog ang punong iyon." Kita n'yo, kung tiningnan niya ito sa isang maka-aghams na pamamaraan, Iyon sana marahil ay hindi nakipag-usap sa kaniya.

<sup>56</sup> At ganoon din ito sa araw na ito, kapag sinusubukan nating lumapit sa pamamagitan ng paaralan at edukasyon, sa isang maka-aghams na pamamaraan, di mo makita ang Dios nang

milyon-milyung milya. Lapitan ito ng tulad ni Moises, na walang panyapak; mapagpakumbaba, may kababaang loob.

<sup>57</sup> At, ngayon, hayun ang tanda para tawagin ang pansin ng propeta. Ngayon, doon, ang tandang iyon ay kailangang magkaroon ng isang tinig. At nang mangusap ang tinig na iyon, kung hindi Iyon naaayon sa Kasulatan, hindi ako naniniwalang pakikinggan ito ng propeta. Nguni't masdan kung gaano kaayon ang tinig sa Kasulatan na lumakip sa tanda, pinatunayan Nitong Dios iyon, sapagka't sinabi Niya, "Aking narinig ang mga daing ng Aking bayan, at naalala Ko ang pangako na ginawa Ko sa kanila." Kita n'yo, ang tanda, pagkatapos ay ang ayon sa Kasulatang tinig sa likuran ng tanda.

<sup>58</sup> Ngayon ito'y nagpapakita nang tamang-tama kung ano ang aking inilarawan. Kailangang maging isang tanda ito mula sa Dios, at, kung ito nga, may isang tinig na ayon sa Kasulatan sa likuran nito, para sa pangako ng araw na iyon. Hindi ang dati ring lumang pagkakaunawa; ang mga rabbi at mga bagay nito ay nagpapatuloy na sa mga pagkakaunawa, o ang lahat-lahat, noon pa, matagal na, ang mga pari, at iba pa. Nguni't ito'y isang bagay na bago, at ito'y ayon sa Kasulatan, ito'y isang pangako; at isang tanda upang tawagin ang pansin ng propeta.

<sup>59</sup> At pagkatapos, sinabi Niya ngayon, bago siya pumaroon, kailangan niyang magkaroon ng isang bagay para mapagtibay ang kaniyang sarili sa pagiging isang propeta, kita n'yo, bago nila tanggapin siya. Sinabi, "Hindi nila sasabihing nagpakita ang Panginoon sa akin."

<sup>60</sup> Sinabi, "Kung gayon, Ako'y magbibigay sa iyo ng dalawang tanda para gawin, at tatawagin niyan ang pansin ng mga tao. At kapag natawag ang pansin ng mga tao, kung gayon ipangusap ang mga salitang ito sa kanila, 'Ako'y ang Dios ni Abraham, Isaac at Jacob, at Aking naaalala ang Aking Pangako.' At isinugo Kita upang iligtas sila, at ako'y sasaiyo."

<sup>61</sup> Napansin ba ninyo ang kaniyang unang tanda? Naroon ang lahat ng uri ng panggagaya nila sa kaniya. Lahat ay nagsubok maghagis ng ahas. Iya'y... Kung hindi iyan ang kalakaran ng mga tao, hindi ko na alam kung ano pa, kita n'yo. Kita n'yo? Nguni't anong uring tinig mayroon sila sa likuran nito? Wala; ang maka-Egipcio na tinig ng mundo. Gayunpaman kaya nilang gawin ang tanda, nguni't wala sa kanila ang tinig na nasa likuran nito, para pagtibayin ito. Nguni't si Moises ay mayroong **GANITO ANG SABI NG PANGINOON**. Iyan ang kaibhan. Ang mga manggagaya ay nagpapatuloy nang mahabang panahon, nguni't sa bandang huli ay nawala ito.

<sup>62</sup> Alam ba ninyo na sinabi ng Biblia na mangyayaring muli iyan sa huling mga araw? "Kung paanong sina Jannes at Jambres ay nagsilaban kay Moises, gayundin naman ang taong taliwas ang pagiisip patungkol sa Katotohanan." Sino ang Katotohanan?

Si Jesus Cristo ang Katotohanan. Kita n'yo? "Lihis na kaisipan patungkol sa Katotohanan."

<sup>63</sup> Ngayo'y si Jehova ay mangungusap sa pamamagitan ng Kaniyang ipinangakong Salita. Kinailangan Niya kung gayon na ihanda ang propetang ito para suguin. Sapagka't, ito'y parating na sa hanay ng Kaniyang kaisipan, ang hanay ng Kaniyang paggawa, sa tuwing isinusugo ang Kaniyang propeta na taglay ang Salita, at pinagtitibay ang propeta.

<sup>64</sup> Muli, ito'y isang ipinangakong tanda. Ang propeta, mismo, ay isang tanda. Sinabi iyan ng Biblia. Kapag nakikita ninyong nagtatapos na ang mga panahon, at pagkatapos makikitang dumarating. . . Kunin ang kasaysayan ng Biblia, pag-aralan ito. Sa panahong nakakita kayo ng mahabang paglipas ng panahon; nguni't kapag nakita ninyo na ang isang propeta ay dumating, tanda ito ng paghatol. Hahatulan ng Dios ang mundo, kapag Kaniyang. . . o ang bansa, o ang mga tao, kapag nakita ninyong dumarating ang isang propeta. Nangaral ako ng isang sermon tungkol dito, kayo ang taga-teyp ay naaalala ito, ang. . . *Isang Totoong Tanda Na Hindi Napansin*. Palagi nilang hindi nakikita iyon, palagi silang ganoon, nguni't isang tanda iyon ng darating na paghatol.

<sup>65</sup> Ngayon ang Kaniyang Salita ay natupad sa Kanyang tinig. Anuman ang Kaniyang ipinangako, kung gayo'y tinutupad Niya ang Kaniyang Salita sa pamamagitan ng tinig.

<sup>66</sup> Ang pagdating ng isang propeta ay isang tandang babala na nalalapit na ang paghatol. Palaging ganoon. Hayaang magsipi ako ng isa.

<sup>67</sup> Tingnan si Noe na lumitaw sa bandang huli, sa-sa mga kaarawan bago ginunaw ang mundo sa pamamagitan ng tubig, isang propetang nagpu-propesiya. Ano iyon? Dumating kaagad ang paghatol pagkatapos na pagkatapos.

<sup>68</sup> Si Moises nagtungo sa Egipto, isang pinagtibay na propeta na may mga tanda ng isang propeta. Anong nangyari? Ang paghatol ay dumating sa Egipto kaagad pagkatapos.

<sup>69</sup> Lumitaw sa eksena si Elias, ang propeta, at nagpropesiya kay Ahab at sa bansang yaon. Anong nangyari? Ang paghatol ay dumating dito agad pagkatapos. Tama.

<sup>70</sup> Lumitaw si Juan Bautista, bilang isang tanda. Siya ay Isang propeta. Siya ay isang propetang tanda na dumating sa lupa. Batid nila, kapag dumating siya, ang Mesiyas ay mangungusap, pagkatapos niya. Kailangang magkaganoon iyon, 'pagka't, kukunin ang-kukunin ang hinirang.

<sup>71</sup> Sa kung ano ito ay para kunin ang hinirang na mga tao na lalabas, tulad sa mga kaarawan ni Noe. Tulad sa mga kaarawan ni-ni Elias, ang pitong libo o pitong daan, o anuman iyon, na hindi nagsiluhod ng kanilang mga tuhod, para tawagin sila

palabas. Si Juan na tinatawag palabas ang mga hinirang, at ibigay ito kay Cristo sa Kaniyang pagdating, ipinagpalit ang kaniyang iglesya, sinabi, “Ako’y kinakailangang bumaba, Siya’y kinakailangang dumakila, sapagka’t,” sinabi niya, “Ako’y tinig lamang Niya, na sumisigaw sa ilang, ‘ihanda ang daan para sa Panginoon.’” At si Jesus ay dumating sa ganoon ding paraan. Inihahanda ang mga hinirang upang pakinggan ang tinig ng Dios, ganiyan nga ang tandang ayon sa hula. Oh, kung inyong susundin ang mga mensaheng ito, ihanda ang ta- . . . ihanda ang mga hinirang. Hindi ang iba, hindi diringgin ito. Ito’y ang mga hinirang ang tinatawag.

<sup>72</sup> Saan pumunta ang Anghel na iyon, sa Sodoma, na gumawa nang tandang iyon? Kay Abraham at sa kaniyang grupo. “Lumayo kayo sa Sodoma; ito’y masusunog!” Kita n’yo? Ipinangako ni Jesus na mauulit iyon, alam n’yo, muli, sa Sodomang ito. Ngayon pansinin.

<sup>73</sup> Ano ang ginagawa nito? Inihahanda nito ang mga hinirang para sa kanlungan ng Dios, tulad sa panahon ni Noe, at iba pa.

<sup>74</sup> At ano ang ginagawa nito? Ito’y hinahatulan ang intelektuwal na di-mananampalataya, sa paghatol. Palaging ganoon iyon. Na tanggihang may pagkamuhi ang awa, wala nang nalalabi kundi kahatulan. Kaya inihahanda nito ang intelektuwal at ang di-mananampalataya sa paghatol. Dahil, ano ba ang kanilang ginagawa? Tinutuligsa nila ito.

<sup>75</sup> Iyan ang dahilan kaya kinain ng mga Hudyo ang kanilang sariling laman. Iyan ang dahilan kaya dumanak ang dugo sa lungsod noong si Titus, ang bantog na Romanong heneral, ay sumalakay roon, ay dahil kanilang tinanggihan ang Espiritu Santo. Ang paghatol ay kailangang dumating sapagka’t ginawa nilang katatawanan Ito. Sinabihan sila ni Jesus, nang tawagin nila Siyang Beelzebub, na Kaniyang sinabi, “pinatatawad Ko kayo,” hindi pa nagawa ang bayad-kasalanan, “nguni’t,” sinabi, “kapag dumating na ang Banal na Espiritu para gawin ang ganoon ding bagay, ang magsalita laban Dito ay hindi mapapatawad.” At hindi pinatawad dito ang henerasyong iyon. Iya’y tama.

<sup>76</sup> Paghatol para sa di-mananampalataya! Ito’y inilagay doon para sa ganoong layunin, upang magbigay ng liwanag sa mananampalataya, at kadiliman sa di-mananampalataya. Tulad niyaong haliging Apoy; naglikha Ito ng liwanag, upang makatawid sa lupang pangako, at kadiliman doon sa mga di-sumasampalataya. Palaging ganiyan ang ginagawa ng mga tanda ng Dios, binubulag ang mga mata ng di-mananampalataya, at nagbibigay ng paningin at liwanag sa daan para sa mananampalataya. Iyan ang dahilan kung bakit Ito’y ipinadala.

77 Kung totoo ang kaniyang propesiya, kung totoo ang propesiya ng propeta at nangyari, kung gayo'y babala iyon ng Dios. Ngayon sa mga Bilang 12:6, masusumpungan natin ang gayon ding bagay, ang Kasulatan.

78 Ang Biblia ay isinulat ng mga lalaking ito. Ngayon kung babasahin natin ang Ikalawang Pedro 1:21, Ito ang sabi, "Ang kalalakihan nang una, nangaudyokan ng Banal na Espiritu, isinulat ang Biblia."

79 Gayundin sa Hebreo 1:1, kung saan nangusap tayo noong isang gabi, "Ang Dios, nang unang panahon at sa iba't-ibang paraan ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, sa mga huling mga araw na ito ay sa pamamagitan ni Jesus Cristo, ang Kaniyang Anak."

80 Ang Haliging Apoy, ang tanda; ang tinig. . . o ang-ang tinig ay mangungusap. Ang Haliging Apoy sa palumpong, ay isang kilalang tinig na ang Dios ay nakatakda nang mangusap.

81 Pansining mabuti ngayon, huwag palampasin ito. Nang tumawa si Miriam sa kaniyang kapatid na lalaki, si Moises, at isa siyang propetang babae noong tawanan niya siya, at bumaba ang Dios sa Haliging Apoy na iyon, batid ni Moises na ang Dios ay handa nang mangusap. Iyon ay isang tanda. At ang tinig na kasunod nito, ang sabi, "Hindi ka ba natatakot sa Dios?" Ang sabi, "Walang sinuman sa lupa na tulad ng Aking lingkod, na si Moises."

82 Ginawa ang ganoon din nang naghimagsik sila at nagsabing may . . . Nang naghimagsik si Dathan, at nang si Korah, ang pagsalangsang niya, "Mas maraming banal na tao kaysa sa iyo. Sa akala mo ika'y nag-iisa lang sa grupo." Ang Dios nagtalaga kay Moises para sa gawaing iyon!

83 At nang ginusto nilang isali ang isa pang grupo para sumama sa kanila, gumawa ng sarili nilang organisasyon, ang sabi Niya, "Thiwalay ang iyong sarili sa kanila. Hahatulan Ko na lamang sila. Uubusin Ko na lang sila," at ginawa nga Niya. Nilamon sila ng lupa.

84 Ngayon nalalaman nating ganiyan palagi ang pamamaraan ng Dios. Ang Haliging Apoy ay ipinakilala na ang Tinig ay nakatakda nang mangusap. Oh, Texas, Gaano ka kabulag? Naalala n'yo pa rin ang Houston. Ngayon may isang Tinig na sumusunod sa tanda.

85 Si Moises, isang propetang tanda para sa Israel, pinangakuang nakahanda nang pagtibayin ang Salita.

86 Gaano kasakdal ang Salita ng Dios, nasa ayos, sa bawa't pagkakataon! Tulad din naman ng Urim Thummim, na aking ipinangusap, noong isang gabi. Ang Urim Thummim ay naroon, at libang tumugma ang tandang iyan sa Urim Thummim na iyon, ang tinig ay hindi kinikilala. Kailangang may isang tanda. Ang

tanda ay pinagtitibay ang tinig. At pinagtitibay ng tinig ang tanda, na ito'y nagmumula sa Dios. Ang tinig ng tanda ang nagsasabi ng “oo” o “hindi.” Kapag tinanggihan ito ng Dios, kung gayon magsasabi ang Tinig ng “hindi.” Kung naroon ang tanda, sabihin ng Dios ang “oo.” Ang tuntunin ng Dios ay hindi kailan man nagbago. Maaari tayong manatili nang maraming oras diyan, nguni't hindi kailanman ito nagbago.

<sup>87</sup> Tingnan, si Jonas na propeta, tingnan ang tandang iyan. Nasa kaniyang daan siya patungo ng Tarsus. Nagsimulang magtungo sa Niniveh, at tinahak ang-ang landas patungong Tarsus. Marami ang humatol kay Jonas. Si Jonas ay hindi nararapat hatulan. Isa siyang propeta. “Ang mga lakad ng matuwid ay itinatag ng Panginoon,” at nagsimula siyang maglakbay patungong Tarsus. At pinipilit nating hatulan ang lalaking iyon, nguni't hindi si Jesus.

<sup>88</sup> Pansinin, ang sabi Niya, “Kung paanong napasa tiyan ng balyena si Jonas, tatlong araw at gabi,” ito'y magiging isang tanda, “gayundin naman ang Anak ng tao na mapapasa ilalim ng lupa, tatlong araw at tatlong gabi. Ang isang lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng tanda, at hindi sila bibigyan ng anumang tanda mula sa Dios, tandaan, kundi ang tanda ni Jonas”. Ano bang tanda ni Jonas? Ang pagkabuhay na mag-uli. At ito ang henerasyon ng Sodomang iyon, mapangalunya, espirituwal na pangangalunya, gu-... gumagawa ng espirituwal na pakikiapid laban sa Katotohanan ng Dios, pinagtatawanan Ito. “Isang masama at isang lahing mapangalunya ay maghahanap ng tanda, at sila'y makakukuha nito, ito'y ang tanda ng pagkabuhay na mag-uli.” Tingnan, si Jonas. . .

<sup>89</sup> Silang mga tao ay mga pagano, at iyon ay isang malaking. . . Iyon ay isang pangkalakal na lungsod. Ang malaking industriya ay isda. Iniluluwas nila ang isda sa buong bansa. Ang kalalakihan ay mga mangingisda. Iyan ang hanapbuhay. At sila ay mga pagano buhat pa noon, sila ay sumasamba sa mga hayop at mga dios-diosan, at naging napakasama.

<sup>90</sup> Tulad ng bansang ito ngayon, puno ng sex at Hollywood, at lahat ng uri, maging sa mga simbahan. At pansinin kung ano ang nangyayari. Aba, kung minsan maging ang sex appeal sa loob ng simbahan ay tinagurian na makabago. Papaano makapanindigan ang bansang ito sa ilalim ng ganiyang bagay? Sinasabi ninyong kayo'y mga Kristiyano, at kumikilos sa ganiyang mga bagay kagaya niyan, papaano ito makapanindigan?

<sup>91</sup> Tulad ng aking mabuting kaibigan, si Jack Moore, nagsabi, ilang taon na ang nakalipas, “Kung hahayaan ng Dios na palampasin ang bansang ito dahil dito, Siya'y mauubliga, bilang isang makatuwirang Dios, na ibangon ang Sodoma at Gomorra,

at humingi ng paumanhin sa kanila dahil sa pagtupok sa kanila.”

<sup>92</sup> Kayo’y patungo sa paghatol. Wala ng ibang paraan pa sa pagtanggap nito. Isulat ito sa inyong mga Biblia. Ako’y nagiging matanda nang tao. Tingnan n’yo kung hindi ito hahantong sa paghatol. Kung ako ay mabubuhay ng isang normal na buhay, makikita ko ito, sa normal ng panahon. Paiinugin ito ng ilan pang mga taon.

<sup>93</sup> Si Jonas. Silang lahat ay nangingisda, magtatanghaling tapat, at narito’t dumarating ang dios ng karagatan, pumaitaas, ang balyena, lumangoy patungong pampang at iniluwa ang propeta sa pampang. Napakagandang tanda!

<sup>94</sup> Ang Dios ay inihatid ang Kaniyang propeta, taglay ang isang mensahe. Ngayon nakita nila ang tanda, sila’y naniwala sa tanda, ngayon ano’ng mensahe? “Magsisi!” Iyan ang tinig ng tanda. Ang tinig ng tanda ay, “Magsisi, o sa loob ng apatnapung araw kayo ay matutupok.” Sapat na ang kanilang nalaman para magsisi.

<sup>95</sup> Sinabi ni Jesus, “Hahatulan nila ang lahing ito, pagka’t nagsipagsisi sila sa pangangaral ni Jonas; ang isang mas dakila kaysa kay Jonas ay narito.”

<sup>96</sup> Ang Tinig ay, “Magsisi, o matutupok kayo sa loob ng apatnapung araw.”

<sup>97</sup> Si Juan na propeta, nagpapakita, isang pagpapakita-ng-propetang tanda, pagkaraan ng apat na raang taon na walang propeta. Sila ay nagkaroon nagkaroon ng lahat ng mga intelektuwal. Aking nakini-kinita kung anong kaguluhan mayroon sila! Apat na raang taon, walang propeta, nguni’t nalalapit na ang panahon ng pagdating ng Mesiyas. Ngayon, si Juan ay ang tanda, bilang isang propeta, na ang Mesiyas ay nahahanda nang mangusap, ang tinig ng tanda; sapagka’t sa Malakias 3, ating nalalaman, “Susuguin Ko ang Aking mensahero sa Aking harapan.” Darating si Elias sa Kaniyang unahan, at dumating si Elias. Si Juan, sa espiritu at kapangyarihan ni Elias, dumating at ginanap nang husto kung ano ang sinabi ng Kasulatan, at hindi nila naunawaan iyon. Sinasabi ito ng Kasulatan. Siya ang tanda, isang tanda ng propeta, na ang Mesiyas ay mangungusap na.

<sup>98</sup> Ang propetang iyon, nalalaman itong mabuti, hanggang sa kaniyang sabihin, “Aba, may Isang nakatayo sa inyong kalagitnaan, ngayon. Ang Mesiyas na aking ipinangungusap, ay nasa inyong kalagitnaan. Ako’y hindi karapat-dapat na magtanggap ng Kaniyang panyapak. Siya Yaong magbabautismo sa Banal na Espiritu at Apoy. Ako’y nagbabautismo sa tubig, tungo sa pagsisi, nguni’t Siya’y ang magiging kasunod ko. Nasa kalagitnaan ninyo Siya ngayon.”

<sup>99</sup> Isang araw nakita niya ang isang kabataang Lalaking dumarating, naglalakad. Kaniyang nakita ang Haliging Apoy na iyon, sa anyo ng isang Kalapati, bumababa mula sa Langit; isang Tinig, nagsasabing, “Ito ang sinisinta Kong Anak, sa Kaniya Ako’y nalulugod na mananahan.” Ang sabi, “Sa Kaniya Ako’y nalulugod na manahan, ito lamang ay isang pandiwa bago ang pang-abay, kaya’t iisa lamang ito. “Sa kung kanino Ako’y nalulugod na mananahan,” o, “sa Kaniya Ako’y nalulugod na manahan,” ay walang pagkakaiba. Pansinin, “Ako’y nalulugod manahan sa Kaniya.”

<sup>100</sup> Ang sabi ni Juan, “Ako ang saksi na Siyang nagsabi sa akin doon sa ilang,” hindi sa seminaryo, “doon sa ilang, ang sabi, ‘Sa Kaniya na iyong makikitang bumababa ang Espiritu, at mananahan,’ amen, ‘Siya Yaong magbabautismo ng Banal na Espiritu at Apoy.’ At ako’y saksi na ito’y ang Katotohanan.”

<sup>101</sup> Ano iyon? Ang propetang iyon ay isang Tanda na handa nang mangusap ang Mesiyas.

<sup>102</sup> Ano nga ba ang Mesiyas? Ang Mesiyas ay ang Salita, sa kapuspusan. Siya ang kapuspusan ng Dios. Ang mga propeta ay ang mga mumunting kumikislap na Liwanag. Subali’t sa Kaniya ang kapuspusan ng Liwanag na iyon, nasa Mesiyas iyon, sapagka’t Siya ang nahayag na Dios, naging Emmanuel, ang Dios na sumasa atin sa katawang tao.

<sup>103</sup> Ang Mesiyas ay handa nang mangusap. At pansinin, sinasabi ng Biblia, na, “Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta.”

<sup>104</sup> Ngayon narito’t nakatayo si Juan, na sinabi ni Jesus na “pinakadakilang propeta na nabuhay.” Sinabi ni Jesus ang gayon, sa Mateo ang ika-11 kabanata, “Ano ang nilabas ninyo upang makita, isang taong inuuga ng bawa’t hangin, sinabi ng denominasyong *ito*, ‘Bibigyan kita nang mas marami; gawin mo *ito*?’ Hindi si Juan! Hindi, hindi. Isang lalaking maaaring sikuhin, nasisindak? Hindi, isa siyang tapat, mabagsik na propeta. Lumabas ba kayo para makita ang isang lalaking nararamtan ng kasuotang pampari?” At sinabi Niya, “Hindi, naninirahan sila sa mga palasyo ng mga hari. Ikinakasal nila ang mga kabataan, hinahalikan ang mga sanggol, at inililibing ang mga matatanda. Ganiyang uri. Sila ay walang alam tungkol sa dalawang-hawakang Espada. Kaya ano ang inilabas ninyo upang makita, isang propeta?” Ang sabi Niya, “Lalo pang higit kaysa isang propeta!” Mangyari pa, siya ang mensahero ng Tipan, ipinangako ng Dios na isusugo siya.

<sup>105</sup> At pansinin dito, si Juan ay nakatayo sa tubig, nagbabautismo, nagsasabi, “Siya ay dumarating.”

<sup>106</sup> At narito ang Salita, wala na sa Langit, kundi nagkatawang tao na. Ang Salita ay laman, ano ang nangyayari rito pagkatapos? Ano’ng panuntunan ng Kasulatan ng Dios? Ang



Salita ay dumating sa propeta, doon mismo sa ilang, doon mismo sa pinagbabautismuhan. Ang Salita ay dumating sa propeta.

107 Tumingin si Juan, at ang sabi niya, “Ako ang kinakailangang iyong bautismuhan.”

108 At ang aking minamahal, matagal ng kapatid, si Doktor Davis, ang simbahan ng Missionary Baptist, na nagbautismo sa akin sa pananampalatayang Kristiyano, kung naririto siya sa gabing ito, hindi ko nais na saktan ang kaniyang damdamin. Pagka’t, nanirahan siya rito sa Texas, dito sa Davis Mountains. Nguni’t naalala kong nagtatalo kami tungkol dito isang araw, at ako ay isang bata pa lamang. At ang sabi ko, “Hindi yata ito tama, Doktor Davis.”

109 Ang sabi niya, “Ang nangyari, ay binautismuhan ni Jesus si Juan noon, at pagkatapos binautismuhan ni Juan si Jesus, sapagka’t hindi pa nabautismuhan si Juan.” Parang hindi ito tama para sa akin.

110 Nagpatuloy akong naghihintay, nagmamatyag, nagtatanong. Ako ay walang masasabi tungkol dito, nguni’t isang araw nang inihayag ito ng Panginoon.

111 Ngayon masdan kung ano ang sinabi ni Jesus. Ang sabi ni Juan, “Ako ay kinakailangang Iyong bautismuhan, at bakit Ikaw ang naparirito sa akin?”

112 Ang sabi ni Jesus, “Payagan mo ito ngayon, sapagka’t ganiyan ang nararapat sa atin ang pagganap ng buong katuwiran.”

113 Batid ni Juan kung Sino Siya. Hayan ang dalawang pinuno ng mundo, dalawang pinuno ng iglesia, ang Dios at ang Kaniyang propeta, nakatayong magkasama. Ngayon, masdan, kailangan nilang malaman.

114 Ang sabi ni Jesus, “Payagan mo ngayon, tama iyan, sapagka’t ganiyan ang nararapat sa atin na ganapin natin ang buong katuwiran, ang ipinangakong Salita.”

115 Ang Hain ay kailangang mahugasan bago ito ialay. Binautismuhan ni Juan si Jesus sapagka’t Siya ang Hain. Kita n’yo? Kailangang mahugasan ang Hain bago ialay. Lumusong doon, at ang Hain ay hinugasan, at pagkatapos inalay Siyang tama. Ang sabi niya, “Iyan ang Cordero ng Dios.”

116 Pagdaka’y umahon Siya sa pampang, at narito dumarating ang Espiritu ng Dios na bumababa sa Kaniya, ang sabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak.” Kita n’yo, Iniharap Siya sa mga tao pagkatapos. Nguni’t bago maialay ang Hain, kailangang mahugasan muna ito; iyan ang batas ng Lumang Tipan. Buweno.

117 Ang Mesiyas ay nakatakda nang mangusap, sapagka’t narito ang tanda ng propeta. At nang nakita nilang dumating na sa tagpo ang propetang iyon, pagkaraan niyaong apat na raang

taon na wala ni isa, batid nila, ang susunod na tinig ay ang Mesiyas.

<sup>118</sup> Ngayon kayong mga mambabasa ng Biblia mag-isip nang mabuti sa ilang sandali. Sa pagmamasid sa kaniyang kalikasan, paano nila nakaligtaan siya? Paano nila nakaligtaang alamin na siya iyon, si Juan? Napagkilala ang kaniyang kalikasan, ang kaniyang espiritu at kalikasan ay napagkilalang si Elias. Ngayon pansinin kung anong espiritu. Ngayon, siya ay si Juan Bautista, nguni't ang espiritu ni Elias ang nasa kaniya.

<sup>119</sup> Pansinin, una, si Elias ay isang taong mahilig sa ilang. Kita n'yo? At si Juan ay isang taong nasa-ilang.

<sup>120</sup> At si Elias ang lalaking tumuligsa sa sistema ng organisasyon, sa araw na iyon, nang lahat ng nasa kaniya. Gayon nga ang ginawa ni Juan, "Kayong mga lahi ng ulupong. Sinong nagbabala sa inyo na tumakas mula sa matinding galit? Huwag ninyong sabihing, 'May *ganito* ako, *ganiyan*, o nang *iba pa*.' Magagawa ng Dios sa pamamagitan ng mga batong ito na magbangon ng mga anak kay Abraham." Nakita n'yo ang dalawang kalikasan?

<sup>121</sup> At tingnan si Elias, kanyang sinumpa silang lahat na may mga pinintahang-mukha na mga Jezabel ng kaniyang kaarawan, silang mga imoral na mga kababaihan. Anong ginawa ni Juan? Gayunding bagay, kay Herodias. Kapuwa sila, ang naging sanhi ng kanilang kamatayan.

<sup>122</sup> Tingnan si Elias, pagkaraan niyang gampanan ang dakilang gawaing iyon, nalungkot siya, nahimlay roon at nanalangin sa Dios na kunin na siya. Ganoon din ang nangyari kay Juan, nahimlay rin doon at isinugo ang kaniyang mga alagad, ang sabi, "Pumaroon at tanungin Siya. Siya na ba Ito o maghihintay pa tayo ng iba?" Alam ni Jesus iyon.

<sup>123</sup> Siya si Elias. Sadyang ganoon ang kaniyang kalikasan. Nakilala siyang katulad na katulad ni Elias. Siya'y nasa espiritu ni Elias.

<sup>124</sup> Ay darating nang limang beses, ang espiritung iyon, ay gagamitin kay: Elias, Eliseo, Juan, sa Malakias 4, at pagkatapos sa mga Hudyo. Sa huling mga araw, kung saan naroon tayo sa gabing ito, ang espiritu ni Elias. Pansinin ngayon.

<sup>125</sup> Sa araw na ito, nais kong tingnan ninyo ang ating makabagong Ahab na mga propeta ngayon, hinahayaan ang kanilang mga Jezabel na putulan ang kanilang buhok, magpinta ng kanilang mukha, magsuot ng syorts, manigarilyo, anumang bagay, "Ito'y ayos lang." Ang ating-ating Ahab na mga propeta ng araw na ito, sama ng kanilang mga natutunan, sigurado, pinangungunahan sila sa pamamagitan ng mga kredong gawa ng tao at mga denominasyon. Ano ito? Mga propetang Ahab.

126 Kailangan natin ang isa pang Micheas na lumitaw sa tagpo. O sa panahon ni Ahab, lumitaw si Elias sa tagpo. Siya yaong, ipinangako.

127 Pinangungunahan sila, saan mang daan nila naising pumunta. Kung hindi nila gagawin, tratuhin sila ng taliwas sa gusto nila saanman, sila'y paroroon at sasapi *rito* at mananatili pa rin sa kanilang-kanilang-kanilang pag-aangking Kristiyano.

128 Buweno, sila kailanman ay hindi ligtas, sa pasimula pa. Ang kanilang pinaka kalikasan ay nagpapatunay nito. Makakakuha ka ba ng mga ubas mula sa isang tinikang puno? Makakakuha ka ba ng mga pakwan mula sa baging ng kalabasa? Nagpapakita ang pinaka kalikasan na wala silang pakialam sa Salita. Ginagawa nila Itong katatawanan, at nilalapastangan Ito. Kapag ito'y nasusulat, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, magaganap ang mga bagay na ito," at pinagtatawanan nila Ito, ginagawang katatawanan Ito.

129 Hindi nakapagtataakang sinabi ni Jesus, "Ang reyna ng Timog ay magbabangon kasama ang lahing ito, sa huling mga araw, at hahatulan ito; sapagka't nagmula pa siya sa kaduluduluhang bahagi ng mundo, upang makita ang isang lalaking may kaloob ng karunungan." Ang sabi Niya, "Isang lalong dakila kaysa kay Solomon ay narito." Siyanga. Si Salomon ay, ang kaniyang kaarawan, ay isa sa mga bantog na kaarawan. Ang mga tao ay lahat pinaniniwalaan ang kaloob na ito na ipinagkaloob sa kanila ng Dios, ang Salomong ito, at ang kaniyang-kaniyang katanyagan ay nakarating sa lahat ng dako. Ano kaya kung tayong mga tao sa araw na ito. . . .

130 At tayong mga Amerikano, tayo parating nagsisikap humanap ng mga programa laban sa komunismo. *Narito* ang pamamaraan ng Dios, "Magsisi! Magbalik-loob sa Dios!" Ilang programa? Kung babaling lamang sila Riyan, malilimutan natin ang komunismo.

131 Nang pinaniwalaan ng buong Israel ang kaloob na iyon na ipinagkaloob sa kanila ng Dios. Kung ang Amerika ay bibigyan lamang ng . . . paniniwalaan ang kaloob na ibinigay sa atin ng Dios, nitong huling mga araw, ang Kaniyang Anak, sa anyo ng Banal na Espiritu, nabuhay mula sa mga patay, nabubuhay sa ating kalagitnaan ayon sa Kaniyang pangako. Kung pakamamahalin lamang natin Iyan!

132 Pupunta lamang ito sa mga hinirang. "Dahil walang taong makalalapit sa Akin malibang ilapit siya ng Aking Ama. At lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, sila'y magsisilapit." Paghahasik lang ng binhi; nahuhulog ito, ang ilan sa *ganitong daan* at sa *ganinyang daan*, nguni't may paghahasik ng binhi, paano man. Ito'y mag-uugat saanman ito mahuhulog. Sasaluhin nila ito.

133 Pansinin, heto sila, at nalaman nating sa araw na iyon, si Ahab, ang bansa ay nahayaan silang mga Israelita na ginagawa

ang anumang bagay na naisin nilang gawin, at nag-aangkin pa ring mga Israelita sila.

<sup>134</sup> Gaanong sinumpa ni Elias ang lahing iyon, nang lahat ng nasa kaniya, at pinagtitibay siya ng Dios. At isa siyang propeta.

<sup>135</sup> Bago pa ang pagdating, ganoon din si Juan! Pumaroon mismo sa Israel. . . Ikinasal ang babaing ito kay-kay Hero- . . . kay Herodes, asawa ng kapatid niyang si Felipe. Pumaroon mismo sa kaniyang harapan; wala siyang inurungan. Hindi siya natakot na maaari siyang paalisin ng ilang mga presbiter. Wala siyang anumang fellowship card; kasama lang ang Dios. Siya ang Kaniyang propeta. Taglay niya ang Salita. Hindi na niya kailangang magpaalam pa sa kaninumang obispo o mga diyakono. Siya ay pinahiran. Taglay niya ang Salita. Pumaroon siya mismo sa kaniyang harapan, at ang sabi, "Hindi makatarungan para sa iyo na angkinin siya!" Tama. Wala siyang inuurungan, na sinuman.

Silang mga kababaihang iyon na nakikipangalunya, nagpapatuloy!

<sup>136</sup> Tulad ni Amos, noong lumitaw siya sa tagpo, tumingin sa dakong iyon. Ni hindi natin alam kung saan siya galing. Naku, gaano niya marahil tiningnan ang lungsod na iyon ng Samaria! Tulad ng ginawa ng mga turista, lahat magaganda, at ang mga mangangaral ay nagkakaisa kasama ang-ang mga bansa, at ang liga na kasama ang mga bansa at lahat na, at nanatiling namumuhay sa kasalanan! Nangingit ang kaniyang mga mata, kuminang ang kalbo niyang ulo, at gayon nga siya bumaba. Hindi siya . . . hindi gaanong magandang tingnan, nguni't taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

<sup>137</sup> Kailangan natin sa tagpo ng isang Amos sa araw na ito. Tatanggapin ba natin siya? Siguradong hindi, hindi hihigit kaysa ginawa niya. Darating siya sa tagpo, wawasakin niya ang bawa't organisasyon, bawa't denominasyon, bawa't kababaihang nagsusuot ng syort, bawa't maikling-buhok na Jezabel. Pagpipira-pirasuhin niya sila. Sisipain nila siya sa lansangan, at sasabihing, "Ang matandang panatikong iyon!" Nguni't tataglayin niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, sapagka't sadyang nasusulat iyon sa gayong paraan. Tinanggap ba siya ng denominasyon? Hindi.

<sup>138</sup> Wala siyang sinuman na tatangkilik sa kaniyang palatuntunan. Ito bang bantog, mahusay na lungsod ng-ng pita, tulad ng Samaria noon, tatanggapin ba nila itong maliit at di-kilalang lalaki na walang fellowship card, walang sinumang magtataguyod sa kaniya, o anuman? Wala siyang anumang nagtataguyod. Wala siyang anumang fellowship card, wala siyang anumang paaralang pinanggalingan. Nguni't mayroon siyang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At ang kaniyang paglitaw, bilang isang propeta, ay isang tanda. Ang kaniyang

tinig ay buhat sa Dios, at nakilala ito sa mga kaarawan ng Pangalawang Jeroboam. Lahat ng kaniyang sinabi ay nangyari.

<sup>139</sup> Ngayon ating napag-alaman, nitong araw na ating pinamumuhayan, ito'y pag-uulit lang niyaon uli. Mga ministro at mga tao, nahihiyang tumayo sa pulpito, at ang-ang Ebanghelyo ay nagiging isang tiket ng pagkain sa kanila. Sila'y natatakot magsalita ng anumang bagay, may taong magtatanggal sa kanila sa *ganito*, *ganiyan*, o ang *iba pa*.

<sup>140</sup> Mayroon lamang iisang Lalaki ang maaaring magpalayas sa inyo sa Langit, ang Dios iyon. At papaano kayo mapapalayas sa Langit, na nananatili sa Kaniyang Salita? Iyan kung ba't isinugo ka Niya.

<sup>141</sup> Alalahanin, sinabi ng Biblia, sa panahong tulad ng mga kaarawan ni Elias, sa kaarawang tulad ng mga kaarawan ni Juan, magbabalik muli ang Malakias 4 na iyon sa lupa. "Susuguin Ko si Elias."

<sup>142</sup> Ngayon huwag paghaluin iyan sa Malakias 3 ngayon, "Aking susuguin ang Aking mensahero sa Aking harapan." Iyan ay si Elias, din.

<sup>143</sup> Nguni't sa Malakias 4, sinabi Niya, "Bago dumating ang dakila at kakilakilabot na Kaarawan ng Panginoon, kung kailan magningas ang sangkalupaan ng parang hurno, at yayapakan ng matuwid ang mga abo ng masasama," iyan ang Milenyum, "Aking susuguin si Elias na propeta." At ano ang kaniyang gagawin? "Kaniyang pagbabalikingloob ang pananampalataya ng mga anak pabalik sa apostolikong mga ama," pabalik sa Salita. Siya ay kailangang maging isang propeta. "Aking susuguin siya." Siya'y lubusang makikilala. Ang kaniyang kalikasan ay magiging katulad ng kay Elias, parehong-pareho. Ang Kaniyang Mensahe ay maging tugma sa linyang iyan. Siya'y hahatol, mangwawasak. Walang pakikisama, walang pakikipagtulungan, walang anuman, datapuwa't mayroon siyang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

<sup>144</sup> Ngayon, alalahanin, nagkaroon ng lahat ng uri ng mga grupo na tumatayo at nagsasabi, "Ito ang balabal ng Elias, at ito ang doktrina ng Elias." Ang buong grupo, isang organisasyon, ay naging grupo ni Elias, o balabal ni Elias. Iyo'y hindi Kasulatan. Hindi kailanman nakitungo ang Dios sa isang grupong tulad niyan.

<sup>145</sup> Nang lumitaw sa tagpo si Elias, at si Juan Bautista, kapuwa nila isinumpa ang kalipunan at ang organisasyon. Hindi sila kailan man umayon. Kaniyang hinahatulan sila, ang paraang kanilang ginagawa; si Elias at Juan, kapuwa. Hindi isang grupo o denominasyon. Nguni't ang dalawa, sa kapuwa nila mga panahon, hinatulan ang mga grupo at ang mga organisasyon.

<sup>146</sup> Ano pagkatapos? Ang tanda sa huling kapanahunan ay tiyak kasama ng Tinig sa huling kapanahunan. Si Elias ay

pinaniniwalaang darating sa tagpo, isang lalaking pinahiran ng gayong espiritu; isang taong gubat, at iba pa, at mahilig sa ganiyan, at lilitaw sa tagpo upang magpatibay. Ngayon masdan kung ano ang sinasabi ng Kasulatan ngayon, at sa gayon hindi kayo madaya, kita n'yo, ang tanda sa huling kapanahunan at ang Tinig sa huling kapanahunan.

<sup>147</sup> Hindi kailanman nakitungo ang Dios sa isang grupo, wala saanman sa Kasulatan. Nakikitungo Siya sa isang tao, sapagka't bawa't tao ay magkakaiba sa isa't isa. Bawa't tao, ang ating mga hinlalaki ay magkakaiba, ang ating mga ilong ay magkakaiba, ang ating mga pagkilos ay magkakaiba. Pipiliin Niya ang isang tao, magagawa Niya siyang katugmang-katugma hanggang sa maging siya na ang Salitang iyon.

<sup>148</sup> Iyan ang dahilan kaya si Pablo, ang sabi niya, "Upang hindi ako magmayabang sa kasaganaan ng kapahayagan, may isinugo sa akin na isang mensahero ni Satanas." Kita n'yo? Sumulat si Mateo, sumulat si Lucas, sumulat si Marcos, lahat sila, nguni't, sumunod lamang sila kay Jesus at isinulat kung ano ang sinabi Niya. Nguni't may kapahayagan si Pablo kung Sino Siya, kita n'yo, iyan ang bagay na kaniyang-kaniyang nakita. Ang kaniyang kapahayagan ay napakadakila, pinahintulutan Niyang isulat niya ang Biblia, tulad ni Moises ng Lumang Tipan. Ang dakilang taong iyon, si Pablo, ang taglay niyang kapahayagan, batid niya na si Jesus ng bagong Tipan ay si Jehova ng Luma. May kapahayagan siya Nito, at maaaring ilatag niya ito sa Mga Hebreo, sa mga . . . at saka sa-sa mga taga Roma, at sa mga taga Efeso, at-at lahat na. Kanyang-kaniyang isinulat ang mga liham na ito. Pansinin, pagkatapos maipakita ang Kaniyang tanda, isinulat niya ang mga sulat pagkatapos.

<sup>149</sup> Ang kalikasan na ito ng pagparito ay magiging ganoon din. Ito'y hindi magiging isang grupo. Ito'y sa isang tao. Hindi kailanman nakitungo ang Dios sa anumang paraan liban sa isang tao. Ngayon, si Elias ay hindi isang grupo, si Juan Bautista ay hindi isang grupo, sila'y mga taong nag-iisa. Ang Dios, sa Malakias 4, hindi nagsasabing, "Aking susuguin ang isang grupo." Ang sabi, "Aking susuguin si Elias!" Ang Salita ay hindi maaaring baguhin.

<sup>150</sup> Ngayon, masdan, ang huling-panahong tanda at Tinig ay darating alinsunod sa kaayusan sa Kasulatan kung paano ito ipinangako.

<sup>151</sup> Nais nating malaman kung ano ba ang magiging tanda ng katapusan? Sinabi sa atin ni Jesus, sa Mateo 24 at 25. Sa atin ay sinabi, rin, sa Apocalipsis, magmula sa ika-6 . . . o sa ika-1, tuloy-tuloy sa, buweno, sa ika-10 kabanata. Pagkatapos dumating Siya sa ika-19 na kabanata, ang Milenyum ay magsisimula sa pagdating Niya, sakay ng isang puting kabayo.

152 Ito’y darating, ang huling-panahong tanda. Ngayon makinig, sa pagtatapos. Ito’y darating nang tamang-tama ayon sa paraang sinabi ng Kasulatan. Ngayon pansinin ang Tinig ng tanda.

153 Ngayon, si Jesus, sa Lucas 17:30, ipinangako ang tanda ng huling panahon. Ang huling tanda, ay ang Dios na nahayag sa isang katawan ng tao na nakakikilala ng mga kaisipan na nasa isipan ni Sarah, sa tolda sa kaniyang likuran. Iyan ang Kaniyang sinabi. Iyan ang tanda na Kaniyang ipinangako sa katapusan. La- . . . Ano’ng sinabi Niyang gagawin nito? “Mahahayag ito sa mga araw, ang huling mga araw, kapag maihayag na ang Anak ng tao.” Mahahayag! Kapag maihayag na ang Anak ng tao, iyan ang magiging tanda na siya’y mahahayag na. Ngayon tingnan kung hindi nga iyan ang sinasabi Niyan. Tiyak iyan nga.

154 Ngayon maaari ba ninyong sabihin, na, “Hindi, ito’y magiging ibang bagay. Hindi, ito’y maitatayo sa isang malaking gusali, isang malaking *ganito*, o *ito*, o ilang kilalang konsehong ekumenikal, o iba pa”? Oh, hindi. Hindi, iya’y napakalayo. Iya’y nasa kabilang panig. Ito’y taliwas sa kung ano ang sinabi ng Dios na gawin, na gagawin Niya.

155 Pansinin kung ano ang ating sinasabi ngayon. Ang mga Kasulatan ay sadyang tamang-tama, ‘pagkat nasa atin ang tanda ng Sodoma, sa natural. Kailan ba nagkaroon ng higit na maraming homoseksuwal, mga kabaluktutan at mga bagay-bagay, na gaya ng mayroon ngayon, “isang napakasama at mapangalunyang lahi,” kung kailan ni hindi mo man lamang mabuksan ang iyong telebisyon ‘baka may kung anong marumi, mahalay na mga bagay ng Hollywood? At ang mga tao, tinatawag ang kanilang sarili na mga Kristiyano, na mananatili sa bahay kaysa sa prayer meeting para panoorin ang ganiyan. Nagpapakita ito kung ano’ng espiritu ang nasa sa inyo. Tama. At ang mga kababaihan ay mangagdadamit nang tulad ng mga yaon, at ang kalalakhian ay hahayaan na pangunahan sila nila tulad ng ginagawa nila roon. Gagawin ba natin ang Hollywood na halimbawa natin, o maniniwala tayo sa Salita ng Dios tungkol dito?

156 At ang grupo ding iyon ay nakikita ang Salita ng Dios pinagtitibay, at ano ang kanilang ginagawa? Tinatawanan ito. Sapagka’t, patay sila, patay Magpakailanman. Kailanma’y hindi sila nabuhay. Kung buhay sila noon, sila’y mananatiling buhay, ang Walang-hanggan. Nguni’t kailanma’y hindi sila nabuhay. Sila’y patay sa tuwina. Oh, maari silang pagandahin, at paniwalaan *ito*, *iyon*, o ang *iba pa*.

157 Ang sabi ni Jesus, “Kayong mga mapagkunwari,” sa kanila, sa kanilang mga saserdote nang araw na iyon. “Papaano ka makapagsasabi ng mabubuting bagay, gayong mula sa kasaganaan ng puso ang bibig ay nagsasalita? Tinatawag Akong

mabuti, ‘Mabuting Guro, mabuting Panginoon?’” Batid Niya kung ano ang naroroon sa kanilang puso. Talastas Niya kung ano ang naroroon sa kanilang puso. Siya ang Salita.

<sup>158</sup> Sinabi ng Biblia, “Ang Salita ng Dios ay mas matalas kaysa dalawang talim na tabak, at kumikilala ng mga pag-iisip na nasa puso.”

<sup>159</sup> Ngayon, iyong tanda ng Sodoma ay bumalik, sa natural. At kung nakaayos ang lahat ng bagay nang tamang-tama ayon sa dapat nitong maging kaayusan sa natural, kung gayon papaano mo ito maiwawaglit, sa iyong isipan, na ang espirituwal ay hindi rin nito kasabay? Kapuwa na kaayusan ay nasa tagpo. Oo, ang lahat ay sumasang-ayon, tama ang natural; datapuwa’t, oh, sa espirituwal, hindi nila gustong paniwalaan ito, sapagka’t nakasasagabal Ito sa kanilang doktrina.

<sup>160</sup> Ang Lucas 17 ay ang tanda. Ang Lucas 17 ay ang tanda na sinabi ni Jesus, na, sa huling mga araw, ang bansa at ang mga iglesya at mga tao ay magiging kagaya nang nangyari sa Sodoma, ang mundo ng mga Gentil, bago ang pagsunog ng Sodoma. At magkakaroon ng isang grupo, parang, tulad ni Abraham. Balikan, nang sinabi ni Jesus, “kung paano sa mga kaarawan ng Sodoma,” balikan at tingnan kung ano ang naroroon sa Sodoma. Kanyang binasa ang gayunding Biblia na ating binabasa, siya ring Biblia, ngayon magbalik at tingnan kung ano iyon.

<sup>161</sup> Heto ang isang hinirang na grupo, tinawag palabas, ang grupo ni Abraham, naghihintay sila sa isang ipinangakong anak. Ang mga Sodomita ay walang pinaniwalaan tungkol dito. At hayun ang malahininga, ang mga kaanib ng iglesya sa Sodoma. Tingnan yaong tatlong Anghel na dumating sa bawa’t isa sa kanila, masdan kung anong mga tanda ang ipinakita nila, sa gayon makikita n’yo kung anong mga tanda ang ating pinamumuhayan.

<sup>162</sup> Ngayon, iyan ang magiging tanda. At ang tinig ng tanda ay ang Malakias 4, “upang papagbabalikingloob ang mga tao pabalik sa apostolikong Pananampalataya ng mga magulang.” Hayan ang tanda, hayan ang Tinig, tamang-tama ayon sa Kasulatan. Kita n’yo? Ang tanda ay ang siya ring tanda sa Sodoma, ang Dios na nahayag sa mga tao.

At ang sabi Niya, “Nasaan ang iyong asawa, si Sara?”

Ang sabi, “Siya ay nasa tolda, sa Iyong likuran.”

<sup>163</sup> Ang sabi, “Ako’y dadalaw sa iyo ayon sa panahon na Aking ipinangako sa iyo.” At Kanyang sinabi . . .

<sup>164</sup> At si Sara, sa likod, sa likuran Niya, nagsabi, “Paanong mangyayari iyon, isa na akong matandang babae, isa na siyang matandang lalaki? At gaya ng asawa ko na nasa labas, isang matandang lalaki,” ang sabi, “wala kaming ganiyan sa amin.” Ang sabi, “Sadyang hindi maaaring mangyayari ito.”



165 Ang sabi Niya, “Bakit pinag-alinlanganan ni Sara iyan, sinasabi sa kaniyang puso, ‘Paano mangyayari ang mga bagay na ito?’”

166 At sinabi ni Jesus na magbabalik muli iyon. Ngayon, tandaan, tinawag ni Abraham ang Lalaking iyon, “Elohim,” ang Dios. Siya nga ang Dios na iyon. Bakit? Nakakikilala Siya ng mga kaisipan, at Siya ay eksaktong nasa panahon. At si Elohim, ang Banal na Espiritu, (hindi ibang persona) iisang Personang bumabalik sa iglesya at gagawa ng ganoon ding bagay, iyan ang magiging tanda. At ang Tinig ay magiging, “Pababalikin sila sa Salita, papanumbalikin ang pananampalataya ng mga anak sa mga ama.” Hayan ang tanda at ang Tinig.

167 Ang mga tanda ay kadalasang tinatanggap, datapuwa’t hindi ang Tinig. Hindi nila gusto ang Tinig, nguni’t tatanggapin nila ang tanda. Kadalasan, tinatanggap nila ito. Gusto nila ang tanda, ‘pagka’t gusto nilang panoorin ito, naaaliw sila. Datapuwa’t, ang Tinig, ayaw nilang-nilang gawin ito. Tandaan ngayon ang Tinig.

168 Bumalik sa Salita muli. Ang tanda ng Jesus na Mesiyas, ayon sa Isaias 35, “Ang pilay ay luluksong parang usa,” at lahat nang ito.

169 “Iyan ay kahanga-hanga!” Oh, tinanggap nila iyan. Mabuti iyan. Kanilang pinaniwalaan iyan. Pinaniwalaan nila ang tanda. “Pumarito, Guro, sa aking iglesya, kami ay lubos makikipagtulungan sa iyo. Totoo, pinaniniwalaan Ka namin. Ikaw ang kamangha-mangha. Ikaw ang Guro. Ikaw ang batang Propeta. Halika! Lahat ng uri ng pakikipagtulungan! Kahanga-hanga ang tanda.”

170 Subali’t nang mangusap ang Tinig, at nagsabi, “Ako at ang Ama ay Iisa.”

171 Oh, naku, hindi nila mapaniwalaan Iyon. “Ginagawa Mo ang Iyong sarili na Dios.” Hindi nila gusto ang Tinig. Nagustuhan nila ang tanda. Nalalaman nila iyan, inamin nilang tanda ito ng Mesiyas, datapuwa’t, ang Tinig, hindi nila Iyon gusto.

“Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.”

At ang sabi nila, “Siya’y si Beelzebub.”

Ang sabi Niya, “Kayong mga lahi ng ulupong.”

172 Oh, kanilang kinasuklaman ang Tinig na iyon. Ano ang kanilang ginawa? Tinanggihan nila ang Tinig na iyan sa gitna nila. Pinalabas nila Siya.

173 Ang sabi ni Jesus, “Kung tawagin nila ang Panginoon ng sambahayan, ‘Beelzebub,’ gaano pa kayang tatawagin nila ang Kaniyang mga alagad?”

174 Alalahanin, sa Apocalipsis 3, sa Kapanahunan ng Laodicea. Ito ang Laodicea; ang tanda ng Sodoma ay darating. Ang Tinig, “Magbalik sa Salita, palayo sa mga kreda at mga denominasyong ito, at manumbalik sa Salita,” nang dumating Ito, sang-ayon sa Apocalipsis 3, pinalabas Siya sa iglesya, gaya nang nangyari sa Kaniya noon.

175 “Ang tanda ay mabuti, nguni’t hindi ang Tinig.” Ayaw nilang magkaroon ng kinalaman sa Tinig. Hindi, hindi; ang Tinig. Nguni’t sinabi ni Moises, kung ayaw nila, o . . .

176 Sinabi ng Dios kay Moises, “Hindi sila maniniwala sa unang tinig na iyan ng unang tanda, subukin sila sa pangalawang tinig. At kung hindi nila gagawin iyon, kung gayon kumuha ka ng tubig at ibuhos ito sa lupa.” Iyan na ito. Iyon lang. “Hugasan, pagpagin ang-ang alikabok sa iyong mga paa,” sa ibang pananalita, tulad ng sinabi ni Jesus. Ang sabi, “Kumuha ng tubig mula sa ilog, ibuhos iyon sa lupa, magiging dugo, at ipakita na na sa gayon siya ilulubog, sa dugo.” Kaya’t sadyang ganiyan na ganiyan kung ano ito.

177 Kung hindi nila paniniwalaan ang tanda, kung gayon ang ikatlong tanda ang talagang makagagawa nito. Ang lahat ng ministryo ay may tatlong tanda, kung ito’y isinugo mula sa Dios. Si Jesus ay may tatlong tanda. Si Moises ay may tatlong tanda. Si Noe ay may tatlong tanda. Si Elias ay may tatlong tanda. Ang lahat ay dumarating sa tatlong tanda. Pansinin. Makinig, mga kaibigan.

178 Medyo nahuhuli na ito ng kaunti. Ako’y . . . Oh, naku, hindi ko namalayang ganiyan na ito kahuli, lampas na ng labinlimang minuto.

179 Kung iyong mapaniniwalaan ang tanda ng Sodoma, ng Lucas, kita n’yo, tulad ng Kaniyang ipinangako rito; iyong pinaniniwalaan ang tanda ng Sodoma, kung gayon bakit hindi mo matanggap ang Tinig ng Malakias na sumusunod sa tanda, para “bumalik sa Salita”? [Blankong bahagi sa teyp-Pat.] Ganiyan ang sinasabi ng Biblia, at nakita mo ito, kung gayon makinig sa Tinig ng tanda.

180 Takasan ang matinding poot na darating! Huwag isipin, “Dahil kasapi ako sa UPC, Assemblies of God, Metodista, Baptist, Presbyterian, may karapatan akong makapasok.” May kakayahan ang Dios sa mga batong ito na magpalitaw ng mga anak kay Abraham. Bumaling sa Salita! Lumayo mula sa inyong makasanlibutang-ismo at sa sistema ng inyong organisasyon, at mga bagay-bagay. Lilipulin sila ng Dios sa ibabaw ng lupa. Kaniyang ilulubog sila sa kalaliman ng dagat ng pagkalimot, tulad lamang ng ginawa Niya sa Egipto nang tawagin Niya ang Israel, bansa mula sa isang bansa. Kapag tinawag Niya ang Nobya palabas ng iglesya, siya’y tutuloy sa kapighatian,

ibubuhos ang kaniyang dugo sa ibabaw ng lupa. Takasan ang matinding poot na darating, sapagka't ito'y malapit na!

<sup>181</sup> Hindi ninyo makikita ang mga bagay na ito kung walang. . . Hindi ko alam kung ano ang iniisip ninyo tungkol sa kanila. Aking pananagutan lamang ang pagbasa sa kanila at ang mangusap tungkol rito. Nasa sa inyo! Inyong mapapaniwalaan ang tanda, kung gayon paniwalaan ang Tinig na sumusunod sa tanda. Oh, naku!

<sup>182</sup> Tingnan, si Moises, ang tipo ng paglabas ngayon. Siya noon ang magsasabi sa mga taong iyon ang tungkol sa isang pangako na ibinigay sa mga ama. "Aking naalala ang Aking pangako sa kanilang mga ama." At ngayon ano-ano'ng gagawin ni Moises? Panunumbalikin ang mga puso ng mga tao pabalik sa kung ano ang sinabi ng mga ama. At tulad ng kung ano si Moises noon, ay gayundin naman ang Malakias 4, "upang ipanumbalik ang mga tao sa Pananampalataya ng mga ama."

<sup>183</sup> Lahat nitong mga pag-aalinlangan ng mga denominasyon, at iba pa, magbalik sa Salita! Kilala ko kayo, maraming mga tao ang gustong gumawa niyon; hindi lang kayo ang pinagsasabihan ko rito. Lumilibot ang mga teyp na ito sa buong mundo, kita n'yo, saanman. Hindi kayo ang pinagsasabihan ko, nguni't pinagsasabihan ko kung sinuman ito, saanman ito nararapat. Ako'y isang maghahasik ng Binhi. Iyan lang ang alam kong gawin. Ito'y nasa sa inyo ang paggawa ng kapasiyahan. Takasan ang matinding poot na darating, bayan!

<sup>184</sup> Huwag isipin dahil ika'y Pentecostes. Huwag isipin dahil ang iyong ina ay isang mabuti, banal na Metodista, o ang iyong ama ay isang mabuti, sumisigaw na Baptist. Huwag isipin na iyan ay may anumang bagay na magagawa para sa inyo. Huwag isipin dahil sa kaanib ka sa simbahang itinayo nila, o ng simbahang inyong itinatayo ngayon. Huwag isipin dahil sa nakapagsalita kayong mga Pentecostal ng ibat-ibang wika at sumayaw sa Espiritu, at tumatakbong patalun-talon sa mga sahig, apatnapung taon na ang nakalilipas. Huwag isipin dahil sa nagkaroon kayo ng mga pagpapagaling na pagtitipon, at iba pa.

<sup>185</sup> Huwag mabigong makita ang tandang iyan, ng isang Haliging Apoy, na pinagtibay ng Dios; at ang Tinig sa likuran Nito, upang bumaling, pabalik sa Dios. Huwag hayaang lumampas Ito sa inyo. May isang tanda at isang Tinig.

<sup>186</sup> Kapag ang isang lalaki ay lumitaw na may isang tanda, ang dati ring paaralan ng kaisipan, may isang bagay na mali, ito'y hindi nagmumula sa Dios. Oh, naku! "Tuwirin ang Kaniyang mga landas ngayon!" Ngayon, pinaniniwalaan ba ninyo ito? "Kung gayon magbalik, O bulag at mga nangalat, sa inyong pag-aari." Ang Biblia. . . Ang sabi ng manunulat ng awit:

Ang mga bansa'y nangagkakawatak-watak,  
 ang Israel ay nagigising,  
 Ang mga tandang inihula ng Biblia;  
 Ang mga araw ng mga Gentil ay bilang na,  
 kaguluha'y kaakibat;  
 "Magbalik, O nangalat, sa inyong pag-aari."

<sup>187</sup> Bumalik! Magbalik! Sinabi ng propeta, "Ito'y magiging Liwanag sa panahon ng gabi." Bago pa lubusang magdilim ang Araw, ito'y magiging Liwanag. Lumakad sa Liwanag habang may Liwanag. Hindi magtatagal ang Konsehong Ekumenikal ay makukuha kayo, at wala nang puwang para sa Liwanag kung gayon.

Iyukod natin ang ating mga ulo.

<sup>188</sup> Makalangit na Ama, ito'y nasa Iyong mga kamay na ngayon. Ako-ako ay naghasik na ng Binhi. Hindi ko alam kung saan nahulog ang mga Iyon. Aking idinadalangin na Iyong pagpalain ang mga Iyon saanman Sila naroroon. At nawa Kanilang matagpuan ang Kanilang dako sa ibaba, at bungkalin lahat ng mababatong dako, at lahat ng mga ugat ng luntiang matitinik na palumpong, at gaya nang dati, at alisin sa daan ang lahat na kawalan ng pananampalataya. Ipagkaloob ito, Ama. Aming ipinagkakatiwala ito ngayon sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>189</sup> Samantalang ang inyong mga ulo ay nakayuko, ang inyong mga mata nakapikit. Bukas ng gabi ay may isang salu-salo. Mga makasalanan ng lungsod, ako'y . . . kung ipahihintulot ng Panginoon, kailangan kong mangusap sa kanila. Ako'y nagsasalita sa magkakahalang kongregasyon ngayon. Hindi ako mangangahas na ipangaral ito; lalong bubulagin lamang sila nito, sa isang pagtitipon tulad niyan.

<sup>190</sup> Subali't, kayo, sa gabing ito, naniniwala ba kayong nakita na ninyo ang tanda, at nariring ba ninyo ang Tinig, kung nagawa ninyo at inyong sinasampalatayanan? At kayo-kayo'y hindi pa, naniniwala kayo gayunman hindi pa ninyo Ito tinanggap, si Cristo sa Kaniyang kapuspusan, maari bang itaas ang inyong kamay? At hayaang nakayuko ang bawa't ulo ngayon, at ang bawa't mata nakapikit. Itaas ang inyong kamay, sabihin, "Alalahanin ako, Kapatid na Branham, habang nananalangin ka." Ikagagalak kong gawin ito. Pagpalain kayo ng Dios.

<sup>191</sup> Ama naming Makalangit, sinabi ng Biblia, "Ang lahat ng mga sumampalataya ay nangabautismuhan." Dalangin ko, Panginoon, na ang mga taong ito na nagtaas ng kanilang mga kamay, na sumampalataya sila rito. Hindi pa sila nababautismuhan sa Kristiyanong bautismo, makasumpung nawa sila ng simbahan na nagsasagawa nito, at mabautismuhan. Ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>192</sup> Hindi lang nawa sila mabautismuhan sa tubig, na isang-isang panlabas lamang na tanda na may nangyaring isang bagay sa loob. Ang sabi ng Biblia, “May isang Pananampalataya, isang Panginoon, isang bautismo,” at ang bautismong iyan ay espirituwal na bautismo. Ang katawan na hinuhugasan, ito’y isa lamang pagsasalarawan, o para magbigay ng isang tanda na may naganap na isang bagay sa loob. Nguni’t ito’y ang kaluluwang iyon na kailangang mabautismuhan ng Banal na Espiritu, iyan ay ang pananahan ng Eternal sa pantaong kalikasan at pagbabago nito sa kabuuan, upang gawin itong isang mananampalataya. Aking dalangin na tanggapin nila ang Espiritu Santo. Inaatasan ko sila patungo sa Iyo ngayon, bilang mga tropeo ng Mensahe, at ng biyaya ni Cristo. Sa Kaniyang Pangalan, ako dumadalangin. Amen.

Ngayon samantalang nakayukod ang inyong mga ulo, ng mapitagan.

<sup>193</sup> May nalalabi na lamang akong pitung minuto, ako-ako’y hindi makatatapos sa takdang oras. Ako-ako-ako’y hindi na makapagsasagawa pa ng isang hanay ng panalangin sa ganiyang kaikling panahon. Aking hihilingin na maupo kayo riyan mismo sa inyong kinaroroonan. Pasensiya na kayo kung naantala ko kayo. Manalangin tayo para sa bawa’t isa. Kayong mga tao, ang ilan sa inyong naririto na may mga kard ng panalangin, huwag mag-alala, aasikasuhin namin kayo.

<sup>194</sup> Nguni’t sadyang tingnan natin kung maghahayag sa atin ang Espiritu Santo ngayon, kung sumasampalataya kayo sa Kaniya at naniniwala kayong ito ang tanda. Alalahanin, ang Anghel, isa Siyang tao; kumain Siya, uminom Siya sa harapan ni Abraham, gayunpaman magagawa Niya, at si Sara sa tolda, nakikilala Niya ang mga hakang naroroon sa kaniyang puso. Iyan ang tanda. Siya ang Salita. Ngayon kung darating lang ang Salita sa atin, kung gayon, muli, ipinangako Niyang gagampanan ang ganoon ding bagay.

<sup>195</sup> Ngayon kayong naririyang sa mga tagapakinig, na walang mga kard ng panalangin, at alam ninyong hindi kayo mapapasama sa linya, hindi ko makikilala kung alin ang alin malibang ipakita sa akin ng Panginoon. Ako’y . . . At naniniwala kayong totoong pinagagaling ng Dios ang maysakit. Ako-aking ninais kayo na-na sumampalataya ngayon din, sa ilang minuto. At manalangin lamang, at sabihin, “Panginoong Jesus, alam ko ang lalaking iyan, na nangungusap, ay-ay isang tao, nguni’t sinabi niya sa akin na, nagsabi sa amin sa gabing ito, at pinatunayan ito sa amin; na, ang Espiritu Santo, na hindi kayang patayin ng mundo.”

<sup>196</sup> Magagawa nilang patayin si Jesus noong nasa laman Siya; kanilang pinatay Siya. Nguni’t ngayon bumangon Siya, sa isang niluwalhating kalagayan, hindi na Siya mapapatay pa

kailanman. At sinabi Niya, “Sandali na lamang at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Gayunman, kayo,” ang mga predestinado, yaong mga naitalaga sa Buhay na Walang Hanggan, ang Iglesya, ang Nobya, “makikita ninyo Ako, sapagka’t Ako’y makakasama ninyo, sasainyo, hanggang sa katapusan. Ang mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.” Lahat ng mga pangakong ito na ipinangako Niya.

<sup>197</sup> Ngayon, alam ko noong naririto Siya sa lupa, Siya, ang Dios ay nasa Kaniya. Siya ay Dios. Siya ang kapuspusan ng Dios. Siya ang kalahatan ng Salita ng Dios na nahayag.

<sup>198</sup> At ang Biblia ay Dios pa rin, ang Salita, at may mga ilan pang mga kapahayagan na ihahayag pa lang. At Kaniyang sinabi, “Sa mga huling araw, kapag naging tulad muli sa Sodoma ang mundo, ang Anak ng tao ay mahahayag.” At ang tanda ng Sodoma ay magbabalik, pagkatapos ang Tinig ay tatawagin pabalik ang mga tao, yaong mga nakatalaga sa Buhay.

<sup>199</sup> Alam natin, noong naririto Siya, may milyun-milyong mga tao sa lupa, na hindi nakaaalam na narito na Siya; walang dahilan para malaman. Kita n’yo? Dumating Siya roon sa mga naitalagang makakita nito.

<sup>200</sup> Ngayon manalangin kayo. Ngayon manahimik nang husto. Huwag pagalaw-galaw. Saanman kayo naroroon, sa mga palko, sa mababang palapag, saanman kayo naroroon, huwag-huwag pagalaw-galaw, manatiling tahimik sa pagkakaupo, at manalangin.

<sup>201</sup> Sabihin, “Panginoong Jesus, ang sabi ng Biblia, sa Hebreo 4, na Ikaw ngayon mismo ay ‘isang Dakilang Saserdote na maaaring mahabag sa aming kahinaan.’ At nakita Ka namin sa lupa, noong narito Ka sa lupa, isang abang babae ang humipo minsan sa Iyong kasuotan, at luminging Ka, at nagsabi, ‘Sino ang humipo sa Akin?’” Ikinubli niya ang kaniyang sarili, gayunpaman nakilala pa rin ang pananampalataya niya. Sinabi sa kaniya ni Jesus ang tungkol sa pag-agas ng kaniyang dugo, at sinabi sa kaniyang “ang iyong pananampalataya ang nagligtas sa iyo.” Ngayon Siya pa rin yaong Dakilang Saserdote. Kung Siya ang noon, ngayon at magpakailanman, kailangan Niyang gumawa sa gayon pa ring paraan, kung kayo-kung hihipuin mo Siya.

<sup>202</sup> At ano ang nagagawa niyan kung gayon? Kailangang magkaroon ng katawang tao, sa lupa, para ipangusap ang Kaniyang Tinig. “Ako ang Puno, kayo ang mga sanga.” Walang anumang paraan upang makarating dito, mga kaibigan. Ito’y sa Kasulatan lamang. Ito ang Katotohanan. Kayong mga ministro pinaniniwalaan n’yo ba iyan, diyan sa likuran? [Nagsabi ang mga ministro, “Amen.”—Pat.]

203 Ngayon banda riyon, maging totoong mataimtim at manalangin, sabihin, “Panginoong Jesus, hayaang hipuin ko ang Iyong kasuotan.”

204 At inyong nakikita ang pinakamalapit sa akin, ay dalawampung talampakan o mahigit. Wala akong kilala na isa mang kaluluwa sa banda riyon. Wala man lang akong makitang sinuman na talagang kilala ko, sa gabing ito, sa nakaupo roon; maliban kay Pat Tyler na nakaupo rito sa harapan, isa kong kaibigan. May mga taong nasa tiheras, sa mga estretser.

205 Nasaksihan natin kagabi ang isang nabakanteng estretser, at bumangon ang lalaki at umalis. Bakit hindi kayong lahat, sa gabing ito? Kita n’yo, manampalataya lamang, iyan lang ang kailangan ninyong gawin. Ang Kaniyang Presensiya ang gagawa nito. Naririto Siya, kailangan ninyong manindigan sa Kaniya upang ibangon kayo sa mga huling araw.

206 Ngayon, kayong sumasampalataya, at sa palagay ay tapos na kayong manalangin, tumingin lang sa dakong ito ngayon.

207 Tulad ng sinabi ni Pedro at Juan, “Tumingin sa amin.” At buong tapat silang tumingin, ginawa iyon ng lalaki, umaasang makatanggap ng isang bagay. Ang sabi niya, “Pilak at ginto ay wala ako, datapuwa’t ang nasa akin. . . .”

208 Ngayon, sa pagpapagaling ay wala ako, nguni’t ang nasa akin, isang kaloob mula sa Dios, ay ibinibigay ko sa inyo. Kung sasampalatayan lamang ninyo ito, gagawin ito ng Dios. Ang tanging hiling ko lamang sa inyo ay sampalatayan ito. Ang nasa akin, ibibigay ko sa inyo. Kung sasampalatayan ninyo ito, gagawin ito ng Dios. Subukan lamang ito.

209 Heto, narito na Ito ngayon. Amen. Gusto ko iyan. May isang binibining nakaupo sa gawing ito. Siya ay medyo mataba, nakaupo sa gawi rito sa dulo. Mayroon ka bang kard ng panalangin, binibini? Medyo may katabaan. . . . Wala ka bang. . . . Banda rito, wala ka bang kard ng panalangin? Opo. Wala kang kard ng panalangin? Gayunman, sumasampalataya ka ba? Hindi mo na kailangan ang kard ng panalangin, kung sumasampalataya ka.

210 May umalingawngaw sa tinig, iyan ang dahilan kaya mahirap tumawag ng mga tao tulad nito, nguni’t sikaping makinig ng maigi sa akin.

211 Hindi kita kilala. Wala kang kard ng panalangin, dahil diyan hindi ka makakaakyat sa entablado. Kung ihahayag sa akin ng Dios kung ano ang suliranin mo, paniniwalaan mo ba iyan (ano?) magiging gayon din ito tulad lang ng ipahayag Niya sa babae kung ano ang kaniyang suliranin? Ang babae sa balon? Si Sara, kung ano ang kaniyang sinabi, at iba pa? Pinaniniwalaan mo ba iyan? Naniniwala ka ba na magiging mabuti ang lahat?

212 Dumaranas ka ng isang sakit sa dugo, may problema sa iyong dugo. Kung iya'y tama, itaas ang iyong kamay. Mabuti. Wala na ito sa iyo ngayon. Naging Liwanag ito sa ulunan mo. Tinanggap ka ni Jesus Cristo.

213 Ngayon, hindi ko pa nakita ang babae kailanman, sa aking buhay. Ngayon ano ba iyon? Ito'y dapat Espiritu. Ngayon maaari n'yong sabihin gaya ng mga Fariseo, "Iya'y ang diyablo," buweno, tatanggapin ninyo ang kanilang gantimpala. Inyong sasabihin, "Ito'y si Cristo," tatanggapin ninyo ang gantimpala ni Cristo. Naniniwala akong ito'y ang Salitang ipinakikilala sa huling mga araw na ito; hindi ako.

214 Heto, narito ang isa pang munting binibining nakaupo sa dakong ibaba rito. Siya ay dumaranas ng pamamaga ng mga ugat sa mga binti niya. May mga komplikasyon siya. May sakit siya sa puso. Nanalangin siya para sa isang mahal sa buhay, iya'y isang kapatid na lalaki. Umiiyak siya ngayon. Siya'y nakikipag-ugnayan. Malubhang-malubha ang kapatid na lalaking iyon. Ito'y isang kaso ng diyabetis. At, gayundin, may isa pa siyang anino, isa siyang lalaking makasalanan. At nananalangin ka para sa kaniya. Iya'y tama. Binibining Welton, kung sasampalataya ka ng iyong buong puso, gagawin ito ng Dios para sa kaniya. Sinasampalatayanan mo ba ito? Iyan ang iyong pangalan.

215 Ngayon iyan ba'y mas hihigit pa kaysa sa sinabi ni Jesus kay Simon, "Ang pangalan mo ay Simon, ika'y anak ni Jonas"? Manampalataya lang. Huwag mag-alinlangan dito. Sampalatayanan ito ng iyong buong puso. Kung sampalatayanan mo ito, papangyarihin ito ng Dios. Kung magagawa mo lang . . .

216 Heto, narito ang isang munting binibini nakaupo sa gawing ito, nakatingin mismo sa akin dito. Siya'y parang may mapulang buhok. Nakapusod ang kaniyang buhok.

217 Hindi n'yo ba nakikita ang Liwanag na iyon, parang isang nagbabagang bagay, na paikot-ikot sa ulunan ng babae? Nalalaman niyang ito'y nagaganap ngayon mismo, 'pagkat nararamdaman niya Ito. Ito'y napakalapit sa kaniya, hindi niya maiwasang maramdaman ito. Kung ito'y tama, binibini, itaas ang iyong kamay. Hayan siya.

218 Ngayon ako'y isang ganap na estranghero sa iyo. Wala akong nalalaman tungkol sa iyo. Nguni't nakaupo ka riyan nananalangin. Iya'y tama. Kung iya'y tama, ikaway mo ang iyong kamay na tulad *nito*. Ngayon, kung si Jesus Cristo ang Anak ng Dios, na talagang Siya nga, isang Dakilang Saserdoteng nakaupo sa kanan ng Dios . . . At ako'y nakatayo lamang dito sa pamamagitan ng isang kaloob, sa aking sariling pang- . . . nang labas, nang labas sa makataong pangangatuwiran, hindi sa aking sariling kaisipan; isang paraan para pagpahingahin ang



aking sariling isipan at pag-iisip, at hayaang kumilos lamang ang Dios. Pinaniniwalaan mo ba na Siya. . . Ako, batid ng Dios na hindi kita kilala; at batid mo rin. Kaya't kung ihahayag sa akin ng Dios ang iyong suliranin, o isang bagay na iyong inaasahan, minimithi, o bagay na higit pa, naniniwala ka bang gagawin ng Dios, na magagawa iyan?

219 May sakit ka sa iyong likod. Isa 'yan sa mga bagay na iyong idinadalangin. At may problema ka sa iyong mga mata. Sumasampalataya ka bang pagagalingin ang mga iyan ng Dios at pabubutihin sila? Sinasampalatayanan mo ba? Sinasampalatayanan mo ba? Naniniwala ka bang magagawa ng Dios na sabihin sa akin kung sino ka? Gng. Hallman, sampalatayanan mo nang buong puso mo ngayon, makakamtan mo kung ano ang iyong hinihiling. Sinasampalatayanan mo ba?

220 Heto ang isang matandang babaing nakaupo may ilang agwat lang diyans sa likuran niya. Siya ay nananalangin, din. Siya ay may diyabetis. Umaasa akong hindi niya mapapalampas ito. Ito'y nasa ulunan niya. Mukhang matanda na siya. Sandali lang, tulungan nawa ako ng Panginoon ngayon. Ang kaniyang. . . Hayun nakuha na niya ito. Mabuti. Nakikita ko nang siya'y nakikipag-ugnayan. Hindi siya tagarito. Mula siya sa Louisiana. Ang kaniyang-kaniyang lungsod ay isang lugar na tinatawag na Singer, Louisiana. At siya ay nagdurusa sa diyabetis. Ang pangalan niya ay Gng. Doyle. Kung iya'y tama, itaas ang iyong kamay. Mabuti. Ako'y isang ganap na estranghero sa kaniya, hindi ko pa siya kailanman nakita sa aking buhay. Subali't si Jesus Cristo, ang Anak ng Dios, ay nakaaaalam ng lahat tungkol sa iyo.

221 May isang babaing nakaupo roon sa likuran, galing din sa lungsod na iyon, isang lugar na tinatawag na Singer. Dumaranas siya ng alta presyon. At Clark ang kaniyang pangalan. Naniniwala ka ba, Gng. Clark? Mabuti, makakamtan mo kung ano ang kahilingan mo.

Sumasampalataya ba kayo? [Nagsabi ang kongregasyon, "Amen" -Pat.]

222 Hayan ang tanda! Makinig sa Tinig! Magsisi, magbalik sa Dios nang simbilib ng magagawa ninyo! Si Jesus Cristo ay naririto sa Kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli; ang isang napakasama at mapangalunyang lahi ay nakakatanggap ng isang tanda ni Jesus Cristo na nananahan sa gitna ng mga tao. Hindi Niya magagawa iyan nang ako lamang, ito'y dapat kayo, din. Kita n'yo, ang babae ay kinailangang hipuin ang Kaniyang kasuotan. Inyong kailangang hipuin ang Kaniyang kasuotan. Kami'y mga instrumento lamang.

223 Sumasampalataya ba kayo nang inyong buong puso? Ngayon kung sinasampalatayanan ninyo iyan. . . Ilan ba ang

sumasampalataya rito, itaas ang inyong mga kamay, tulad *nito*, sabihin, “Tunay na sinasampalatayanan ko ito.”

224 Ngayon kung pinaniniwalaan ninyo ito, ito ang sabi ni Jesus, “Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na sumasampalataya; kung ipapatong nila ang mga kamay sa maysakit, sila’y magsisigaling.” Sinasampalatayanan ba ninyo iyan?

225 Ngayon gabing-gabi na. Wala na tayong oras. Tayo’y dalawampu’t-limang minuto na ngayon bago mag-ikasampu. Puwede bang ipatong ninyo ang inyong mga kamay sa isat-isa, kung gayon? At gawin lamang ang sasabihin ko sa inyo ngayon, ipatong lamang ang inyong mga kamay sa isat-isa.

226 Ngayon nalalaman ninyo, sa itaas, saanman kayo naroroon. Ngayon nalalaman ninyo, pati ang anumang bagay ngayon, pagkatapos na maipangaral ang Kasulatan at malinaw na naipakilala sa buong gusali.

227 May isa pa akong nakikita, ngayon mismo. Kita n’yo? At may isa pa sa banda rito, sakit sa prostrate. Babaing may TB. Uh-huh. Aba, ito’y nasa lahat ng dako ngayon, nguni’t nakapagpapahina Ito sa iyo.

228 Anong kaibahan, ano pa? Nasaksihan ninyo ang limampu, pagkaminsan nariyan iyan, at gusto ninyong makita ang pitumpu sa susunod. Ginawa iyan minsan ni Jesus sa Sychar, at sumampalataya sa Kaniya ang buong lungsod. Naghihintay sila sa Mesiyas.

229 Naririto ang Mesiyas, ang Espiritu Santo, ang Mesiyas ng araw na ito; ang Mesiyas na pinagtitibay ang Salita, ng Kaniyang pangako.

230 Ngayon nais kong ang bawa’t isa sa inyo, habang ipinapatong ninyo ang inyong mga kamay sa isa’t isa, kung kayo’y mga mananampalataya. Ngayon hindi kayo mananalangin para sa inyong sarili. Manalangin kayo para sa taong iyan, at sila’y mananalangin din para sa inyo. Ngayon, ang Salita ring nangako nito sa mga huling araw, ipinangako rin. . .

231 At alalahanin, ang sabi ni Jesus, “Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga sumasampalataya.” Ang pagpapagaling, na ibinalik, ay ang tinig na kinilala ng tanda. Magpapatong sila ng mga kamay sa mga maysakit, bilang isang tanda; ang tinig ay isang “aleluya, pinagaling ako ng Panginoon!” Ngayon kung nilalakipan ng mga tandang ito ang isang tinig, ang tandang iyan, kung isa kang mananampalataya, lalakip ito. Ang tinig ay sasamahan ang tanda.

232 Kung ibibigay ko sa inyo ang tandang ito, na sinabi ko sa inyong nagmumula ito sa Dios, at ipinangako ito ng Dios sa araw na ito; ito’y ganap nang nailatag, walang sinuman liban sa isang taong hindi naniniwala sa Dios ang hindi maniniwala rito. Kita

n'yo? Pagkatapos bumaling ang Dios at pinatunayan ito, upang gawin ang gayon. Ngayon naririto Siya.

<sup>233</sup> Ngayon bawa't isa, sa inyong paraan ng pananalangin sa inyong sariling simbahan, kung ito'y sa inyong sarili, malakas, anuman ito, ipanalangin ninyo ang taong napapatungan ng inyong mga kamay, 'pagkat nananalangin sila para sa inyo.

<sup>234</sup> At ngayon tumingala. At sa Presensiya ng Mesiyas, ang Cristo, ang Isang Nabuhay na mag-uli, nananatiling buhay pagkaraan ng dalawang libong taon, papaanong naging napakamanhid natin sa Espiritu? Nararapat lamang na pag-alabin Niyan ang bansang ito sa Apoy. Nararapat lamang na papagsisihin Niyan ang Beaumont, sa pagsuot ng kayong magaspang at ng mga abo. Nguni't gagawin ba niya ito? Hindi.

<sup>235</sup> Nguni't kayong naghahanap sa Kaniya, at sumasampalatayang gagawin Niya ito at tutuparin ang Kaniyang Salita, ito'y sa inyo na ngayon ibinigay ang pangako. Ipatong ang inyong mga kamay sa iba at manalangin, habang mananalangin ako sa inyo rito.

<sup>236</sup> Panginoong Jesus, sapat na ang mga sinabi, sapat na ang nagawa. Ang Salitang ipinangako ay naipahayag na. Ang Mesiyas, ang Cristo ng Dios, ay nasa Banal na Presensiya. Nadadama namin Siya. Nakikita namin Siya. Batid naming ipinangako Niya ito sa huling mga araw. "Kung paano sa mga kaarawan ng Sodoma, gayon din naman ang mangyayari sa araw na ang Anak ng tao ay mahayag." Kung gayon, nalalaman namin.

<sup>237</sup> Nakikita namin ang-ang apoy sa kalangitan, ang mga bombang atomika. Nakikita namin ang mga bansang kinain na ng bulate, bansang nagkakabaha-bahagi. Nakikita naming nasa kanilang bayan na ang Israel. Bawa't tanda na maipapangako, ay natupad na. Ang susunod na bagay ay ang ipinangakong Anak, ang Pagdating.

<sup>238</sup> O Walang hangganang Dios, sa Presensiya ni Jesus Cristo, ang dakilang Espiritu Santo na naririto ngayon na pinatutunayang Siya'y naririto, dinggin ang panalangin ng mga taong ito, dinggin ang mga Cristiyang ito; na, kapag lumisan na ako, hindi nila sasabihin, "Si Kapatid na Branham ang gumawa nito." Ibang taong hindi nila kilala, pinatungan sila ng mga kamay, at sila'y gumaling. Nguni't Iyong ipinangako na ang Tinig ay may tanda ito. At nawa sila'y gumaling, habang ipinagkakatiwala ko sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus.



*ANG TINIG NG TANDA* TAG64-0313  
(The Voice Of The Sign)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Marso 13, 1964, sa Municipal Auditorium sa Beaumont, Texas, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2007 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)